# Mga Suliranin sa Pananaliksik at Pagsusulat ng Kasaysayang Lokal: Ang Halimbawa ng Zambales[1]

**Janet S. Reguindin-Estella**


## Abstract

Sa kasaysayan ng historiograpiyang Pilipino, malaon nang sinalungguhitan ang puwang ng kasaysayang lokal sa pagpapayaman ng mga salaysay ukol sa iba't ibang kaganapan at karanasan sa Pilipinas. Mula 1970s, pinaksa ng mga historyador ang kasaysayang lokal bilang paraan ng pagbubuo ng kasaysayan ng mga Pilipino. Gayunpaman, hanggang sa kasalukuyan, nananatili pa rin ang mga hamon sa pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayang lokal na una nang binanggit ng mga historyador gaya nina John Larkin (1972), Leslie Bauzon (1978), Romeo Cruz (1984), at Jaime Veneracion (1992).

Gamit ang halimbawa ng Zambales, layunin ng papel na ito na lumahok sa talastasan kaugnay ng kasaysayang lokal sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga naisulat nang kasaysayan ng lalawigan at pagtukoy sa mga suliranin sa pagbuo ng isang kasaysayang lokal. Sa pamamagitan ng pagsusuring historiograpikal sa mga nailimbag na mga akda tungkol sa Zambales, nais patunayan ng artikulong ito ang pangangailangan ng higit na masusing pagsasakasaysayan sa lalawigan sa pamamagitan ng angkop na metodolohiyang pangkasaysayan.


**Mga susing salita:** Kasaysayang Lokal, Zambales, historiograpiya, suliranin sa pananaliksik, metodolohiya sa kasaysayan

1 Ang ilang bahagi sa papel na ito ay halaw mula sa Reguindin, J.S. (2022). *Bayan at Kagubatan sa Hamon ng Kolonyalismo:Paglalangkap ng Kasaysayang Pangkapaligiran sa Kasaysayang Pampook ng Zambales (1901-1936)*. Disertasyon. UP Departamento ng Kasaysayan. Pasasalamat at pagkilala sa UP Diliman *Office of the Vice Chancellor for Research and Development* (UPD-OVCRD) sa ipinagkaloob na *PhD Incentive Grant* upang maisagawa ang pananaliksik na ito.

## Panimula

Matatagpuan ang Zambales sa timog-kanlurang bahagi ng Luzon. Ang Kanlurang Dagat Pilipinas (*West Philippine Sea*) ang hangganan nito sa kanluran, ang mga lalawigan ng Tarlac at Pampanga sa silangan, Bataan sa timog at sa hilagang bahagi naman ay ang Pangasinan. Kung ihahambing sa mga karatig na lalawigan sa Gitnang Luzon, maituturing na maliit ang Zambales na binubuo lamang ng 13 bayan at ng *chartered city* nitong Olongapo. Bagamat mahalagang banggitin na noong ika-19 na dantaon, binubuo ng dalawampu't limang (25) bayan ang Zambales – Olongapo, Subic, Castillejos, San Marcelino, San Antonio, San Narciso, San Felipe, Cabangan, Botolan, Iba, Palauig, Masinloc, Candelaria, Sta. Cruz, Infanta, Dasol, Agno, Barri (Bani), San Isidro, Balincaguing, Alos, Alaminos, Zaragosa, Bolinao at Anda (Reed, 1904; Bamero, 1991). Sa ilalim ng kolonyal na pamamahala ng Estados Unidos, inilipat ang ilang bayan kabilang na ang Infanta, Dasol, Agno, Bani, San Isidro, Balincaguing, Alos, Alaminos, Zaragosa, Bolinao at Anda sa teritoryong saklaw ng Pangasinan para sa mas epektibong pamamahala (Bureau of Insular Affairs, 1905). Sa kabila ng mga pagbabagong ito sa hangganan at pamamahala, nanatiling makikita sa lalawigan ang pagkahubog ng etnikong komposisyong naninirahan dito. Matatagpuan sa Zambales ang mga pangunahing grupong etniko ng mga Negrito, Zambal at mga Ilokano.

Pagpasok ng kolonyal na pamahalaan ng Estados Unidos, lumitaw ang paglalarawan na taliwas sa aktuwal na dinamismo ng lalawigan. Noong 1904, inilarawan ang Zambales sa isang ethnological survey ng mga Amerikanong kolonisador bilang "the little known and comparatively unimportant province" [hindi kilala at hindi naman mahalagang lalawigan] (Reed, 1904, p. 24; akin ang salin). Matalim ang paglalarawan ng may-akda, ngunit hiwatig rin ito ng isang hamon ukol sa pagsusulat ng kasaysayang lokal ng Zambales.

Sa daloy ng historiograpiya at pagsusulat ng kasaysayan sa Pilipinas, malaon nang sinalungguhitan ang puwang ng kasaysayang lokal sa pagpapayaman ng mga salaysay ukol sa iba't ibang kaganapan at karanasan sa Pilipinas na hindi nakaangkla sa mga pangyayari sa Maynila at hindi nakatali sa peryodisasyon na karaniwang gamit sa naratibong pambansa. Gayunpaman, nananatili ang suliraning binanggit ng historyador na si John Larkin (1972) sa kaniyang pagtataya na pangunahing usapin sa pagsusulat ng kasaysayan ng Pilipinas ang kakulangan ng kaalaman sa mga pook rural. Dagdag pa, binanggit din ni Bauzon (1978) na ang diin sa pambansang kasaysayan sa historiograpiyang Pilipino ay bunga ng kawalan o kakulangan ng pananaliksik tungkol sa mga kasaysayang lokal. Layunin kung gayon ng mananaliksik sa larangan ng kasaysayang lokal na tukuyin ang mga partikular na kaganapan sa isang komunidad at inaasahang

magbibigay ng mas malinaw na pagtalakay at pagsusuri sa mga pangyayari kaiba sa pangkalahatang pagtingin ng pambansang kasaysayan. Gayunpaman, mahalagang banggitin na ang pananaliksik sa kasaysayang lokal ay hindi lamang upang bigyang-linaw ang mga heneralisasyon sa pambansang naratibo. Ang kasaysayang lokal bilang paksa ng pag-aaral ay dapat ding tingnan bilang isang mahalagang larangan na sumasaklaw sa mga karanasan, kultura at ambag ng lokal na mamamayan sa patuloy na pagbubuo ng kasaysayang Pilipino.

Ilang dekada matapos mailimbag ang mga pagtalakay nina Larkin (1972) at Bauzon (1978) tungkol sa mga suliranin sa pagsusulat ng kasaysayang lokal, nananatili pa rin ang ilang hamon sa pananaliksik at pagsusulat nito. Sa kaso halimbawa ng pagsusulat ng kasaysayan ng Cordillera, suliranin pa rin ang pagtatakda ng mga ikutang pangyayari sa lokal na lebel at kung anong mga kaganapan ang dapat kasama sa kasaysayan ng rehiyon. Hamon din ang pagsusuri sa naging ebolusyon ng lugar bilang espasyong pampulitika, pang-ekonomiya o pangkalinangan. Gayundin, nananatiling hamon ang paggamit ng mga lapit sa pag-aaral ng kasaysayang lokal gaya ng paggamit ng mga batis na hindi nakasulat tulad ng kasaysayang oral at mga materyal na kultura (Florendo, 2015).

Gamit ang kaso ng Zambales, nilalayon ng papel na ito na lumahok sa talastasan kaugnay ng kasaysayang lokal sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga naisulat nang kasaysayan ng lalawigan at tukuyin ang mga naging suliranin sa pagbuo ng isang kasaysayang lokal. Gayundin, bilang pagpopook ng kasaysayang lokal sa historiograpiyang Pilipino, susuriin ang ilang piling akda na siyang naglatag ng mga naunang lapit at pamamaraan sa pagsusulat ng kasaysayang lokal sa bansa sa layuning makabuo ng mga mungkahi kung papaano mapapalakas ang pananaliksik sa kasaysayang lokal partikular sa kaso ng Zambales bilang ambag sa historiograpiyang Pilipino.

Nahahati sa limang bahagi ang papel. Sa susunod na talakayan, ilalatag ang mga batayang konseptwal at metodolohikal kaugnay ng kasaysayang lokal. Ilalahad din ang naging pag-unlad ng kasaysayang lokal sa historiograpiyang Pilipino bilang mahalagang tuntungan ng mga usapin kaugnay ng mga tema, saklaw at lapit sa pagsusulat ng kasaysayang lokal. Susundan ang bahaging ito ng paglalahad at pagsusuri sa mga naisulat na kasaysayang lokal ng Zambales bilang pagtatasa sa kasalukuyang kalagayan ng historiograpiya ng lalawigan. Ang mga susunod na bahagi naman ay tutungo sa pagbibigay-diin sa ilang mga suliraning mababanaag kaugnay sa pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayan ng Zambales. Halaw sa iskemang ibinigay ni Teodoro (2001) kaugnay ng tatlong mahahalagang usapin na kailangang harapin

sa pagsusulat ng kasaysayang lokal (wika, kabansaan/nasyonalidad ng historyador, perspektiba sa periodisasyon), magbibigay ang papel na ito ng pagtatasa sa lagay ng historiograpiya ng Zambales at ilang mungkahing pagtugon sa mga hamon.

## Kasaysayang Lokal at/o Pampook: Batayang Konseptwal at Metodolohikal

Hindi madaling ikahon ang kasaysayang lokal o "local history" sa isang mapaghawang depinisyon. Ayon nga kay Beckett (2013), "local history is practised in one form or another by so many different individuals and groups, that offering any sort of definition will doubtless offend someone". [Inaaral at sinasaliksik ng marami at iba-ibang indibidwal ang kasaysayang lokal sa maraming anyo at porma nito na siyang dahilan kung bakit ang pagtatangkang bigyang pakahulugan ito ay tiyak na sasaling at makagagalit sa ilan] (p. 2; akin ang salin).

Sa maraming historyador na Pilipino, maaaring ibuod ang pananaw sa kasaysayang lokal bilang pananaliksik, pag-aaral at pagsusulat tungkol sa kasaysayan ng isang rehiyon, lalawigan, bayan, baryo o ng mga grupong etniko sa isang komunidad. Sa prosesong ito, naipapakita ang nakaraan, pamumuhay at ugnayan ng mga tao sa isang lugar kaugnay ng mga karatig-pook at sa mas malawak na konteksto ng pambansang kasaysayan. Pag-aaral na maykro kung ituring ang kasaysayang lokal dahil sinusuri nito ang mas maliliit na detalye ng mga kaganapan at mas maliit ang heograpikal na saklaw kung ihahambing sa pambansang kasaysayan. Kaugnay nito, tinawag na kasaysayang pampook ni Jaime Veneracion (1992 p. 124) ang "maliliit na pag-aaral ng kasaysayan na kaiba sa mas malalaking pag-aaral tulad ng pambansa at pandaigdig." Ang kasaysayang pampook ay partikular na binigyang-diin at pakahulugan ni Zeus Salazar (2000)[2] bilang isa sa mga "lokal" na bahaging-displina ng kasaysayang pambansa. Ayon sa kaniya, mahalaga ang ginagampanan ng kasaysayang pampook para sa "pagpapalaganap ng isang pangkalahatang kamalayan ng pambansang kasaysayan" (Salazar, 2000, p. 43). Nakasalig sa ganitong pagtingin ang pagturing sa kasaysayang pampook na nakaugnay sa balangkas ng kasaysayang pambansa. Ang kasaysayang pampook kung gayon ay pagsusuri sa pagkahubog ng isang bayan o lalawigan na inuunawa sa mas malawak na konteksto ng kasaysayang pambansa at hindi isang nakahiwalay na yunit.

2 Unang nailathala bilang Paunang Salita sa mga akdang Nilo Ocampo. (1984) *Katutubo, Muslim, Kristiyano: Palawan 1621-1901.* Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, w.p.; at Jaime Veneracion. (1986). *Kasaysayan ng Bulakan*. Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan, pah. xv-xx.

Gayunpaman, limitasyon ng kasaysayang pampook ang tradisyunal na tuon nito sa aspektong administratibo at pulitikal. Kung kaya't mula rito, ipinag-iiba ni Salazar (2000) ang kasaysayang pampook sa isa pang lokal na bahaging-disiplina ng kasaysayang pambansa – ang kasaysayang etniko na tinawag niyang "kasaysayang bayan" (Salazar, 2000, p. 48). Dulot ng tradisyunal na paksang administratibo at pulitikal, hindi napalilitaw ang sangkap na etniko sa kasaysayang pampook. Sa kasaysayang etniko, pinapaksa ang mga etnolingwistikong grupo "kagaya ng Katagalugan, Kabatakan, Kailukanuhan, Katausugan, Kamangyanan, Kamaranawan, Kabisayaan, at iba pa" (Salazar, 2000, p. 47). Dagdag pa, sinusuri sa kasaysayang bayan kung papaanong nabuo ang mga etnolinggwistikong grupo at ang proseso ng kanilang pagkahubog bilang *ethnos* (bayan) o grupo ng mga tao na nakalinang ng kanilang sariling wika at kultura (Salazar, 2000, p. 47). Katulad ng kasaysayang pampook, layunin din ng kasaysayang bayan na iugnay ang kalinangang nabuo sa mga kabayanan upang maipakita ang ugnayan ng mga ito bilang bahagi ng pambansang kasaysayan kaya mahalaga ang paggamit ng wikang Filipino na siyang tagapag-ugnay sa pagbubuo ng kolektibong identidad ng mga Pilipino.

Batay sa mga pakahulugang nabanggit, sa dalawang lokal na bahaging-disiplina hinati ni Salazar ang kasaysayang pambansa – kasaysayang bayan na tinitingnan ang "lokal na baitang ng kasaysayan mula sa ibaba, sa punto-de-bista ng kultura at mga sangkap-pangkalinangan" at kasaysayang pampook na "nagsisimula ang pagsusuri mula sa itaas, mula sa punto-de-bista ng mga institusyong pulitikal at pang-administrasyon" (Salazar, 2000, p. 48).

Samantala, hinati ng mga historyador sa dalawang yugto o uri ang umiral na kasaysayang lokal sa Pilipinas. Sa maagang yugto nito, "tradisyunal" ang katangian ng mga kasaysayang lokal (Orillos, 2006, p. 48). Makikita ito batay sa mga naunang kasaysayang lokal na walang "awtonomiya o pagkakakilanlan" (Orillos, 2006, p. 48). Ibig sabihin, nakakawing pa rin sa salaysay o pagpapanahon ng kasaysayang pambansa ang naratibo at hindi napalilitaw ang angking kakanyahan ng isang lokalidad. Gaya ng nabanggit na, limitado sa pulitikal at administratibo ang tema ng mga tradisyunal na kasaysayang lokal. Maituturing na suliranin ito sa historiograpiya sapagkat ang mga kaganapan o pagpapanahon batay sa kasaysayang pambansa ay maaaring walang kinalaman sa kasaysayan ng isang bayan o lalawigan. Litaw ang ganitong pagsusulat sa kasaysayang lokal noong mga unang dekada bago ang 1960. Pagsapit ng dekada '70, mas naging kritikal ang pagsusulat ng kasaysayang lokal na kumakawala sa mga pangkalahatang salaysay o heneralisasyon ng kasaysayang pambansa. Sa halip na pulitikal ang tema at nakasentro sa mga elite, naging tuon ng kasaysayang lokal ang panloob na katangian o ang pagtingin sa

mga panlipunang kaganapan mula sa lokal na lebel (Veneracion, 1992; Orillos, 2006; Mojares 2015). Sa "bagong" kasaysayang pampook, mas binibigyang-diin na ang "pagka" (pagka-Igorot o pagka-Moro) ng tao bilang bahagi ng isang kolektibong kamalayan (Veneracion, 1992, p. 125).

Ang diwa ng bagong kasaysayang pampook ay may pagkiling sa pag-aaral na panlipunan kung kaya't nakasalig ito sa mga batis na mayroon sa antas na lokal (Veneracion, 1992). Kaugnay nito, maaaring tingnan ang kahalagahan ng kasaysayang oral bilang metodolohiya sa kasaysayang lokal na sinasabing lumawak sa disiplina sa ikalawang hati ng ika-20 dantaon (Perks at Thomson, 1998). Sa tradisyunal na pagtingin, itinuturing ang kasaysayang oral o kasaysayang pasalita bilang "pampuno" sa kakulangan ng mga opisyal na dokumento. Gayunpaman, para sa mga tagapagsulong ng kasaysayang oral, kapwa binibigyan ng bigat ang nakasulat na batis at kasaysayang pasalita o ang "personal na paggunita ng mga saksi o mismong kalahok sa kaganapang pangkasaysayan" (Ubaldo, 2012, p. 74). Sa kasaysayang oral, isinasagawa ang pagkalap ng datos o salaysay sa pamamagitan ng pormal o 'di pormal na pakikipag-usap sa mga aktwal na naging bahagi ng kasaysayan. Kung kaya, ang metodolohiyang ito ay nagpapalitaw sa pang-araw-araw na buhay at mga kwentong pangkalinangan ng isang bayan o lalawigan na madalas ay hindi nababanggit sa mga opisyal na ulat ng pamahalaan. Binibigyang-tinig kung gayon ng kasaysayang pasalita ang mga nasa gilid at yaong mga hindi naitatampok sa kasaysayang pambansa. Dito pumapasok ang mahalagang ugnayan ng kasaysayang oral sa kasaysayang lokal. Bagamat may limitasyon sa saklaw ng panahon, maraming kwento ang maitatala mula sa pakikipanayam sa mismong saksi sa isa o higit pang kaganapan (Ubaldo, 2012, p. 74-76). Sa pamamagitan ng kasaysayang oral, naipapahayag ang mga karanasan at maging ang interpretasyon sa kasaysayan ng mga sektor na hindi madalas naitatampok sa pambansang naratibo gaya halimbawa ng mga karaniwang manggagawa, mga katutubo, at kababaihan (Perks at Thomson, 1998).

Katulad ng iba pang batis pangkasaysayan, may limitasyon din ang kasaysayang oral. Una na rito ang saklaw na panahon na limitado batay sa gunita at alaala ng isang indibidwal. Gayundin, nag-iiba ang paraan ng pagsasalaysay ang bawat isa batay sa kanilang mga karanasan at perspektiba. Ngunit, sa mga limitasyon din na ito nahuhulma ang kasanayan ng isang historyador upang tipunin at unawain ang mga panayam mula sa iba't ibang disiplina gaya ng Sosyolohiya, Antropolohiya, at Sikolohiya. Mahalaga kung gayon ang kasaysayang oral hindi lamang upang bigyang-tinig ang mga naisantabing sektor sa historiograpiya kung hindi upang pandayin ang kakayahan ng historyador na suriin ang iba't ibang gunita upang

makabuo ng kasaysayan.

## Kasaysayang Lokal sa Historiograpiyang Pilipino: Pagsusuri sa mga Naunang Akda

Kung tutuusin, hindi na bago ang sangay ng kasaysayang lokal sa historiograpiyang Pilipino. Sa panahong kolonyal, baha-bahagi nang binabanggit sa mga kronika ng mga misyonerong prayle ang kanilang mga karanasan at naging obserbasyon sa mga bayan o lalawigan na kanilang pinuntahan o tinirhan. Ganito rin ang naging daloy ng naratibo ng mga Europeong manlalakbay na idinokumento ang kanilang mga obserbasyon sa iba't ibang lugar sa Pilipinas na kanilang napuntahan. Sa hanay ng mga Pilipino, maituturing na maagang kasaysayang lokal ang isinulat ni Isabelo delos Reyes na *Historia de Ilocos* (Ubaldo, 2012). Gayundin, sa maagang kasaysayan ng Unibersidad ng Pilipinas at ng Departamento ng Kasasayan nito, pinaksa bilang Tesis Masterado noong 1915 ang kasaysayan ng Batangas (Veneracion, 1992).

Maituturing na mahalagang interbensyon sa pagsusulat ng kasaysayan sa Pilipinas—partikular sa kasaysayang lokal—ang *The Pampangans* ni John Larkin (1972). Sa kaniyang pagtalakay sa lagay ng historiograpiyang Pilipino noong panahong nailimbag ang kaniyang akda, binanggit niyang sa pangkalahatan, ang tuon umano ng mga historyador ay ang pambansang kasaysayan na umiikot sa mga temang pulitikal, usaping pang-komersyo, talambuhay ng mga kilalang personahe, administrasyong kolonyal, at sa himagsikang Pilipino. Dagdag pa niya, ang pagbibigay-diin sa Maynila at sa mga kalapit na lugar ay hindi nagpapakita ng kabuuang larawan ng lipunang katutubo. Sa historiograpiyang Pilipino, ang kasaysayang lokal ay hindi masyadong nabibigyang-pansin maliban sa Maynila na naging pangunahing saklaw ng mga naunang pag-aaral. Sa mahabang panahon, tiningnan ang Maynila bilang mukha ng pambansang kasaysayan at naisantabi ang salaysay mula sa iba pang bayan. Sa isang banda, makikita rin na ang ugnayan ng Pilipinas sa mga karatig-bansa nito sa Timog Silangang Asya ay mapapalutang sa mga kanayunan gaya ng mga tradisyunal na pamumuhay agrikultural ng isang magsasaka, pagtanggap ng panlabas na impluwensiya gaya ng relihiyon, gayundin ang ugnayan ng mamamayan sa isang komunidad (Larkin, 1972; Bauzon, 1978).

Ang interes ng mga historyador sa pagsusulat ng kasaysayang lokal ay sinasabing muling nabuhay matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig bilang reaksyon sa tradisyunal at kolonyal na pagsusulat ng kasaysayan (Foronda, 1991). Sa kabilang banda, tiningnan naman ni Mojares (2015) ang dekadang 1970 bilang panahon ng tinawag niyang "local history movement" kung kailan naging mabilis ang

pagdami ng mga pananaliksik sa kasaysayang lokal (Mojares, 2015, p. 21). Iniugnay niya ito sa naging kalagayan ng Pilipinas sa panahon ng Batas Militar kung saan nakitang hamon hindi lamang ang kaayusang panlipunan kundi nagtulak din ito sa mga intelektuwal tungo sa kolektibong pagsusuri sa Pilipinong identidad bilang isang nasyon, dahilan kung kaya't marami sa mga iskolar ay naghanap ng kasagutan sa pamamagitan ng pag-aaral tungkol sa mga bayan, labas sa Kamaynilaan.

Tila mayroon din umanong pagkiling sa paggamit ng wikang Tagalog at pag-uugat sa kasaysayan mula sa perspektibo ng karaniwang mamamayan. Gayunpaman kung susuriin ang ilang akdang nailimbag noong 1970s, mga dayuhan pa rin ang unang nakilala sa pagsusulat ng kasaysayang lokal sa bansa. Pinakatanyag marahil na maituturing ang pag-aaral ni John Larkin (1972) na isang pagtatangkang bumuo ng kasaysayan ng Pampanga labas sa tradisyunal na lapit sa temang politikal sa historiograpiyang Pilipino. Sa halip, sinuri ni Larkin ang kasaysayan ng Pampanga na nakatuon sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng lalawigan sa panahong kolonyal. Ipinakita niya ang mga naging epekto ng pagbubukas ng Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan sa lalawigan ng Pampanga at kung papaano nito hinulma ang kaayusang panlipunan. Pinatunayan niya na ang mga kaganapan sa Maynila ay maaaring kaiba sa mga kaganapan sa ibang lalawigan. Partikular na halimbawa ang kaso ng Himagsikang 1896. Sa konteksto ng Pampanga, dalawang taon pa ang hihintayin bago maramdaman ang pakikisangkot ng mga Kapampangan sa nasabing pagkilos.

Iniluwal naman ng mga unibersidad sa ibang bansa ang ilang sumunod na mga akda tungkol sa kasaysayang lokal sa Pilipinas. Naging paksa ng mga tesis at disertasyon ang ilang mga lalawigan at mailalathala bilang mga aklat. Ilan sa mga halimbawa nito ang akda ni Bruce Cruikshank tungkol sa Samar (1975), Norman Owen tungkol sa Bicol (1976), at James Warren tungkol sa Sulu (1975). Mahalaga ang mga nasabing akda bilang maituturing na naglunsad ng mga komprehensibong pananaliksik tungkol sa mga nasabing lalawigan. Gamit ang mga primaryang batis mula sa iba't ibang sinupan partikular na ang mga kolonyal na dokumento sa Pambansang Sinupan ng Pilipinas, *Archivo Nacional Historico* sa Espanya, at maging sa Pambansang Sinupan sa Estados Unidos, nakabuo sila ng kasaysayang lokal sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pagbabagong panlipunan at pang-ekonomiya. Sa kaso halimbawa ni Owen (1976), sinuri niya ang naging epekto ng industriya ng abaka sa rehiyon at kung papaano ito nagdulot ng mga pagbabagong panlipunan sa Bicol. Gumamit din ang mga may-akda ng mga dokumentong hindi pa naiilimbag mula sa mga pribadong koleksyon.

Samantala, may mga Pilipinong iskolar din ang nakapaglathala ng mga kasaysayang lokal mula sa isinulat na tesis at disertasyon. Halimbawa rito ang *A History of Pangasinan* na isinulat ni Rosario Cortes (1974), *Pagbabago at Pag-unlad sa Lalawigan ng Bulakan* ni Jaime Veneracion (1984), at *Cavite before the Revolution* ni Isagani Medina (1985). Bagamat masasalamin pa rin ang tradisyunal na administratibo at politikal na pagtalakay sa akda ni Cortes, mayroong pagtatangka ito na buuin ang kasaysayan ng Pangasinan gamit ang mga kolonyal na dokumento hindi lamang mula sa sinupan sa Pilipinas, kundi pati na rin ng mga kolonyal na ulat at dokumento sa pambansang sinupan sa Estados Unidos na sa panahong iyon ay hindi pa nagagalugad. Samantala, mapanghawan din ang mga akda nina Veneracion at Medina na nagpakita ng bagong lapit at pamamaraan sa pagsusulat ng kasaysayang lokal. Binigyang-puwang ni Medina ang pagsusuri sa mga kaganapan sa lalawigan ng Cavite na hindi nakatuon sa tradisyunal na paksa ng Himagsikang Pilipino. Sa paraang ito, naipapakita ang katangian ng lalawigan na hindi lamang nakakawing sa pambansang naratibo. Bagong pamamaraan din na maituturing ang akda ni Veneracion bilang isa sa mga unang kasaysayang lokal na nakasulat sa wikang Filipino noong 1980s. Masasalamin kung gayon ang kalagayan ng pagsusulat ng kasaysayang lokal batay sa mga nabanggit na halimbawa. Masasabing nalinang ang metodolohiyang pangkasaysayan at nagbabago ang ilang perspektibo sa pagbubuo ng kasaysayang lokal. Sa kaso ni Veneracion, tiyak ang pinatutungkulan at perspektibong pinagmumulan sa pagbibigay-diin sa kahalagahan ng wika sa pagsusulat.

Klasikal din na maituturing at naging tuntungan din ng iba pang pag-aaral ang koleksyon ng mga kasaysayang lokal mula sa perspektiba ng kasaysayang panlipunan ang *Philippine Social History: Global Trade and Local Transformations* nina Alfred McCoy at Edilberto de Jesus (1982). Kompilasyon ng mga artikulo ang nasabing akda na sa kabuuan ay nagpakita ng epekto ng pakikisangkot ng Pilipinas sa pandaigdigang kalakalan mula sa huling bahagi ng ika-labing-walong dantaon. Pangunahing tema ng mga pag-aaral ang mga pagbabagong sosyo-ekonomiko na nagresulta sa transpormasyon ng iba't ibang lalawigan at rehiyon gaya ng mga pagbabagong pangkapaligiran. Kasama rito ang paglilinang sa mga kagubatan upang magbigay-daan sa migrasyon at pagtatatag ng mga bagong bayan o komunidad gayundin ang umigting na eksploytasyong komersyal bilang tugon sa mga pangangailangang pang-ekonomiya ng kolonyal na pamahalaan. Sa ganitong konteksto umikot ang mga pag-aaral halimbawa ni Marshall McLennan tungkol sa mga nilinang na kalupaan ng Nueva Ecija at sa Gitnang Luzon sa kabuuan bilang resulta ng migrasyon at mga gawaing pangkabuhayan. Pagbabagong pangkapaligiran din ang resulta ng paglilinang ng mga

kagubatan tungo sa mas malawak na plantasyon ng tubó sa syudad ng Iloilo batay sa halimbawang pag-aaral ni Alfred McCoy.

Mula sa mga nabanggit na simulain at mga pangunahing akda sa kasaysayang lokal, makikitang naipook na ng ilang historyador ang kahalagahan ng pananaliksik at pag-aaral ng kasaysayang lokal sa bansa. Ngunit mahalagang banggitin na hindi lamang ang dami ng pag-aaral ang batayan ng yumayabong na pananaliksik ng kasaysayang lokal. Makabuluhan ding maglangkap ng mga panibagong pananaw o perspektiba at paggamit ng metodo at batis na magpapalalim sa pag-aaral ng kasaysayang lokal. Kaugnay nito, makatutulong ang paglalapat ng multidisiplinaryong lapit ng isang mananaliksik (Navarro, 2012). Ibig sabihin, napapalalim ang pagsusulat ng kasaysayang lokal kung hahalaw ang historyador ng pamamaraan at perspektiba mula sa iba pang larangan o disiplina gaya ng arkeolohiya, antropolohiya at sosyolohiya. Sa ganitong tunguhin maaaring ihanay ang iba pang sumunod na nailathalang kasaysayang lokal gaya ng mga akda nina Filomeno Aguilar (1998) sa kasaysayan ng mga paniniwalang kultural kaugnay ng mga plantasyon ng asukal sa isla ng Negros. Sa pamamagitan ng paglalangkap ng metodolohiya mula sa sosyolohiya at antropolohiya, nakabuo ang may-akda ng kasaysayang kultural "mula sa ibaba." Kaugnay nito, gumamit din si Aguilar ng panayam bilang metodo na lalong nagpayaman ng kaniyang datos mula sa mga sinupan hindi lamang sa Negros at sa Pilipinas, kundi maging sa Europa at Amerika. Halos ganito rin ang metodolohiyang inilangkap ni Patricia Dacudao (2023) sa kaniyang akda tungkol sa kasaysayan ng Davao kung saan sinuri niya ang sosyo-ekonomiko at kultural na transpormasyon ng Davao noong ika-dalawampung dantaon. Mahalaga ring banggitin ang *A Capital at the Margins* ni Michael Pante (2019). Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga primaryang batis sa iba't ibang sinupan at aklatan sa loob at labas ng bansa, inugat ni Pante ang mga konseptong pinagmulan ng pagtatatag ng Quezon City at ipinakita ang heograpikal na ebolusyon nito. Ambag ang akdang ito sa yumayabong na larangan ng kasaysayang urban.

Mula rito, tutungo ang talakayan sa pagmapa ng mga akdang naisulat tungkol sa kasaysayan ng Zambales bilang pagpapalitaw ng mga hamon at suliraning makikita rin sa pangkalahatang historiograpiya ng kasaysayang lokal sa Pilipinas. Ilang obserbasyon ang bibigyang-pansin: (1) aspekto o temang tinutuntungan ng kasaysayang lokal; (2) kaparaanang pangkasaysayan at mga batis na sanggunian ng mga talang pangkasaysayan; at (3) kaligiran ng pananaliksik at ng mananaliksik. Sa unang paraan ng pagsusuri, mahalagang matukoy kung ang tuon ba ng akda ay pangkalahatang kasaysayan, o ito ba ay partikular na kaganapan, tao, grupo, o institusyon. Maaari ring tasahin kung ito ba ay may pagkiling sa kasaysayang politikal, panlipunan,

pang-ekonomiya, o pangkalinangan. Pangalawa, batay sa mga naunang akda sa kasaysayang lokal na tinalakay na, susuriin din ang mga batis na ginamit ng may-akda. Nakasalig ba ito sa mga dokumento mula sa sinupan? Anu-anong mga halimbawa ng dokumento ang ginamit? Gumamit ba ang may-akda ng kasaysayang pasalita, kasaysayang biswal, o iba pang kaparaanan? Sino ang sumulat at saan siya nakapook? Mahalaga ang kapookan sapagkat maaaring may epekto ito sa pananaw at lapit sa pagbuo ng naratibo. Kaugnay nito, salik din ang wikang ginamit sa pagtukoy para kanino ang isinulat na akda. At huli, titingnan ang iba't ibang porma ng pagkakalimbag bilang isa sa mga paraan ng pagtataya sa lagay ng historiograpiya ng Zambales.

## Kasaysayang Lokal ng Zambales: Pagtatasa sa mga Nailathalang Akda

Maituturing na maagang porma ng etnograpiya ang isinulat ni Domingo Perez, OP tungkol sa mga Zambal (1680) at ang ulat etnolohikal ni William Allan Reed tungkol sa mga Aeta (1904) na pumaksa sa mga partikular na grupong etniko sa lalawigan. Ang akda ni Perez ay tumuon sa paglalarawan ng nakitang interaksyon ng mga Zambal at Aeta sa proseso ng kanilang isinagawang Kristiyanisasyon sa lalawigan. Mayaman din ang tala sa mga obserbasyon ni Perez kaugnay sa mga gawi at paniniwala ng mga katutubo. Produkto naman ng kaniyang *fieldwork* sa pamayanan ng mga Aeta noong 1903 para sa *Ethnological Survey* ng kolonyal na pamahalaang Estados Unidos, ibinahagi ni Reed ang mga tradisyon at gawi ng mga Aeta (tinawag niyang Negrito) sa Zambales. Bagamat nakatuon sa etnikong grupo ng mga Aeta, ang isang kabanata ng kaniyang akda ay inilaan upang ilarawan ang probinsiya ng Zambales at heograpikal na kaligiran nito. Dala marahil ng kolonyal na konteksto, kapookan at uri ng historiograpiyang kinamulatan, makikita sa mga akdang ito ang mababang pagtingin sa mga katutubo at sa kasaysayan ng lalawigan sa kabuuan. Inilarawan ng mga may-akda kung gaano "ka-primitibo" ang kultura ng mga Zambal. Gayundin, bilang bahagi ng kolonyal na pamahalaan, ang salaysay tungkol sa Zambales ay pangunahing nakatuon sa taglay na likas na yaman at pang-ekonomiyang potensyal ng lugar.

Sa kabila nito, mahalaga pa ring ambag ang akda lalo na at may mga direktang sipi ito ng mga dokumento mula sa Espanya at maituturing na primaryang batis batay sa kanilang pakikipamuhay sa pamayanan ng mga Negrito. Sa ganitong tradisyon din maiuugnay ang mga maagang akda tungkol sa Zambales na baha-bahaging nabanggit sa mga dokumento na makikita halimbawa sa *The Philippine*

*Islands* nina Blair and Robertson (1973).[3] Dahil produkto ng kolonyal na perspektibo, umiikot sa mga temang Kristiyanisasyon at iba pang gawaing panrelihiyon, gayundin sa mga ulat tungkol sa mga pag-aalsa ang mga salaysay kaugnay sa Zambales. Bagamat kung tutuusin ay kakaunti ang mga detalyeng ito, mahalaga pa ring ituring ang mga nasabing kolonyal na tala bilang maagang kasaysayan tungkol sa lalawigan. Mahalagang tuntungan ito upang ugatin ang kasaysayan ng probinsiya na pinagbatayan ng mga naunang sumulat ng kasaysayan ng Zambales.

Ganito rin ang maituturing na ambag ng *Monografia de Zambales* na isinulat ng mamamahayag na si Francisco Cañamaque (1880) na isa sa mga naunang akdang pangkasaysayan tungkol sa lalawigan na gumamit ng tala ng mga misyonero at iba pang publikasyon tungkol sa kasaysayan ng Pilipinas upang makabuo ng manuskrito. Gaya ng mga akdang kolonyal sa panahon na ito, heograpikal na paglalarawan at pagmamapang kultural ang naging lapit ni Cañamaque sa kaniyang akda. Marahil dahil isa siyang mamamahayag, ang kaniyang mga paglalarawan ay nakabatay sa mga datos na kaniyang nakalap noong ika-19 dantaon. Makikita rin sa akda ni Cañamaque ang balangkas ng mapa ng Zambales at mga karatig na lalawigan na ginawa ni Martin Ferreiro batay sa datos na inilimbag ng *Direccion de Hidrografia* (Cañamaque, 1880).

Samantala, kasama rin ang Zambales sa mga nagsumite ng

3 Ilan sa mga dokumento kung saan matatagpuan ang pagbanggit sa Zambales ay tala ni Andres de San Nicolas, "Early Recollect Missions in the Philippines," nasa Emma Helen Blair at James Alexander Robertson. (1973). *The Philippine Islands: 1493-1898.* Tomo 21, Mandaluyong: Cacho Hermanos. pah. 112, 117 at 135-149; "The Augustinian Recollects in the Philippines," nasa Emma Helen Blair at James Alexander Robertson. (1973). *The Philippine Islands: 1493-1898.* Tomo 28, Mandaluyong: Cacho Hermanos. pah. 314; Casimiro Diaz, "Conflicts between civil and ecclesiastical authorities, 1635-36" nasa Emma Helen Blair at James Alexander Robertson. (1973). *The Philippine Islands: 1493-1898.* Tomo 25, Mandaluyong: Cacho Hermanos. pah. 157; May ilang banggit din sa de Zuñiga, Joaquin Martinez. (1973). *Status of the Philippines in 1800.* Manila: The Filipiniana Book Guild (Salin ng orihinal na publikasyong de Zúñiga, Joaquín Martínez. *Estadismo de las Islas Filipinas, o mis viajes por este país.* Madrid: Imp. de la Viuda de M. Minuesa de los Rios. 1893). Gayundin, sa unang kabanata ng Juan de la Concepcion. (1790). *Historia general de Philipinas.* Sampaloc: Conv. De Nra. Sra. de Loreto. Tomo 8. nasa https://archive.org/details/historiageneral d00juan_9/page/n7/mode/2up?q=Zambales. Nakuha: 08 Setyembre 2025. Samantala, mayroong isang mahabang kabanata na inilaan si Padre Licinio Ruiz sa kasaysayan ng ebanghelisasyon at pagtatatag ng mga pueblo sa Zambales ng mga Agustino Rekoleto sa Padre Licinio Ruiz. 1925. *Sinopsis Histórica de la Provincia de San Nicolas de Tolentino de las Islas Filipinas de la Orden de Agustinos Descalzos.* Tomo 1. Manila: Tip. Pont. de la Univ. de Sto. Tomás. pah. 19-82.

manuskrito alinsunod sa kautusang inilabas ni Pangulong Elpidio Quirino noong 07 Disyembre 1951. Ilang taon matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nilagdaan ni dating Pangulong Elpidio Quirino ang *Executive Order* bilang 486 na nag-uutos sa "koleksyon at kompilasyon ng mga datos historikal tungkol sa mga baryo, bayan, mga lalawigan at mga siyudad" (Orillos-Juan, 2012, p. 65; Quirino, 1951). Bilang tugon sa nasabing kautusan, noong 1952 ay naglabas ang Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon ng *General Memorandum Order* bilang 34 kung saan inatasan ang mga guro upang tumugon sa utos ni Quirino. Umabot sa isang daan at dalawampu't anim (126) na tomo ang kompilasyon kasama na ang probinsiya ng Zambales. Sa kasalukuyan, ang mga dokumentong ito ay kilala bilang *Historical Data Papers* (HDP) na makikita sa website ng Pambansang Aklatan ng Pilipinas. Nakapaloob sa HDP ang kasaysayan ng mga bayan sa Zambales na sa malaking bahagi ay produkto ng pakikipanayam ng mga guro at mga nakalap mula sa mga pribadong koleksyon. Inugat ang pinagmulan ng pangalan ng mga bayan at baryo, gayundin ang tala ng mga naunang opisyal dito (Bureau of Education, 1953). Bagamat mayaman ang HDP sa datos lalo na sa mga kwentong bayan, gawi, tradisyon at kultura sa bawat bayan, kinakailangan pa ring patunayan sa iba pang mga batis ang nilalaman nito, lalo na at may duda sa metodolohiya at mga sanggunian na ginamit ng mga gurong nag-ambag sa mga naratibo. Hindi rin balanse ang mga salaysay dahil nakabatay lamang ito sa nakalap na mga datos. Kung kaya't iba iba rin ang tuon ng kasaysayan sa bawat bayan. Bagamat may malinaw na periodisasyon, nakaangkla pa rin ito sa tradisyunal na pagpapanahon sa pambansang kasaysayan (*Spanish Period, American Period, World War II*).

Halos tatlong dekada matapos ang HDP, maililimbag ang isang pag-aaral tungkol sa Zambales ni Pedro Asis Jr., isang abogado at Zambaleño. Isa itong monograpo na mayroong tatlumpung (30) pahina . Ang unang sampung pahina ay inilaan upang isalaysay ang kasaysayan ng Zambales partikular sa pinagmulan ng pangalan nito at kasaysayan ng pagkakatatag ng mga bayan. Inilarawan din ang mga etnikong grupo at kanilang tradisyon at kultura. Gayunpaman, malaking bahagi nito ay listahan ng mga propesyonal, politiko at ibang kilalang personahe na nagmula sa probinsiya. Sa katunayan, ang pahina sampu (10) hanggang dalawampu't tatlo (23) ay talaan lamang ng mga kilalang Zambaleño mula sa iba't ibang larang at propesyon. Isang pahina rin ang iniukol para sa pamilya Magsaysay na kilalang pamilyang pulitikal sa lalawigan. Makikita naman sa huling pahina ang salin ng may-akda ng Huling Paalam ni Rizal at Lupang Hinirang sa wikang Zambal.

Marahil ang nilalaman at layunin ng aklat ay mas mauunawaan batay sa kaligiran ng may-akda. Si Pedro Asis Jr. ay isang abogado at

naging Konsehal sa bayan ng Botolan sa Zambales. Hindi nakakapagtaka kung gayon na ang kaniyang akda tungkol sa lalawigan ay tila isang tipikal na monograpo na ipinamimigay mula sa mga tanggapan ng pamahalaan – isang halimbawa ng kasaysayang lokal na nauna nang pinuna ni Romeo Cruz (1984) kaugnay ng mga kalidad ng kasaysayang lokal na hindi nakasalig sa kasanayang pangkasaysayan. Wala itong malinaw na metodong pangkasaysayan at walang pagkilala sa mga batis na kaniyang ginamit maliban sa binanggit sa introduksyon na ang akda ay produkto ng kaniyang mga panayam sa mga kaibigan at kakilala mula sa Zambales.

Sa ganitong direksyon din maihahanay ang sumunod na akda na isinulat ni Ramon de Jesus (1990), isa ring Zambaleño at abogado. Ang dalawampung (20) kabanata ay naglalaman ng mga maiikling tala tungkol sa lalawigan. Inilaan ang unang bahagi sa kultura ng mga grupong etniko partikular na ang mga Aeta at Zambal. Gayundin ang proseso ng Kristiyanisasyon ng lalawigan na pinangunahan ng mga Dominikano at Rekoletos. Kaiba sa akda ni Asis Jr., mayroong mga talahuli ito bagamat hindi kumpleto at mga piling bahagi lamang ang mayroong pagsipi. Nakaangkla rin ang paghahati ng mga paksa batay sa periodisasyon ng pambansang kasaysayan. Masusuri ito batay sa kaniyang mga salaysay at pagpapamagat ng kabanata (halimbawa: *The Spanish Colonization, The Zambales Economy Under Spain, The American Occupation, The Japanese Invasion,* atbp.). Hindi rin sapat ang analisis sa akda at halos pagsasalaysay lamang sa mga kaganapan. Maliban dito, hindi rin sapat ang pagtalakay sa mga kabanata na nasa isa hanggang tatlong pahina lamang ang inilaan sa bawat kabanata. Gayundin, gaya ni Asis Jr., ang huling limang kabanata ay inilaan sa kasaysayang buhay ni Ramon Magsaysay at pag-uugat sa kaniyang politikal na karera lalo na bilang naging Pangulo ng Pilipinas na nagmula sa Zambales. Gaya ng nabanggit na, ang ganitong halimbawa ng kasaysayang lokal ay produkto ng kaniyang panahon kung kailan sa ilang mga lalawigan, gaya ng Zambales, tila nagiging promosyon ng mga personahe at pulitiko ang mga akdang pangkasaysayan (Cruz, 1984).

Masasabing pagsapit lamang ng 1991, sa pamamagitan ng tesis masterado ni Alma Bamero (1991) magkakaroon ng komprehensibong kasaysayan ang Zambales na nakatuon sa panlipunang kaayusan ng lalawigan bago ang panahon ng Himagsikan. Naging Propesor sa UP Departamento ng Kasaysayan at nagmula ang pamilya sa Zambales at Pangasinan, nakatuon ang pananaliksik ni Bamero sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng lalawigan noong ika-19 dantaon. Sa katunayan, "*Zambales in the Nineteenth Century: A Social History*" ang unang pamagat ng nasabing tesis. Gayunpaman, sa mungkahi ni Nilo Ocampo, na nagsilbing tagasuri ng akda, sa halip ay "*Zambales before the Revolution*" ang naging pinal na pamagat nito. Batay sa

paliwanag ni Ocampo, "sinaklaw ng mananaliksik ang buong panahon ng pananakop ng Espanya.." kung kaya't "ang pamagat ay upang umangkop sa kabuuan ng paglalahad."[4] Akma nga ito kung susuriin sapagkat tematiko ang naging pagtalakay ni Bamero na tumuon sa kasaysayang pang-edukasyon, panlipunan, pang-ekonomiya, at pangkalinangan ng lalawigan. Ang akda ni Bamero ay nakasalig sa mga primaryang batis partikular na ng mga dokumento mula sa Pambansang Sinupan ng Pilipinas na karamihan ay hindi pa nailalathala. Ilan sa mga halimbawa rito ang *Contribucion Industrial*, *Erecciones, Estadisticas, Fincas Urbanas, Memorias, Padron de Chinos, Recoletos, Reduccion de Infieles,* at *Varias Provincias*. Gumamit din ito ng mga pahayagang nailathala noong ika-19 dantaon gaya ng *El Oriente* at *Gaceta de Manila.* Dagdag pa, gumamit ng iba pang batis ang may-akda gaya ng tradisyong oral at inilapat ang ilang mga pag-aaral sa antropolohiya at etnograpiya. Maiuugnay ito marahil sa kaalaman at pagsasanay ni Bamero bilang historyador na iniluwal sa panahon ng intelektwalisasyon at paglawak ng akademikong lapit sa pagsusulat ng kasaysayang lokal lalo na sa mga unibersidad. Kung kaya't angkop din na nailarawan mula sa perspektibo ng isang Pilipinong mananaliksik ang kultura at mga pagbabagong kinaharap ng mga Aeta, Zambal at ng mga migranteng Ilokano sa panahon ng kolonyalismo. Gayunpaman, mahalagang banggitin na matapos ang tesis ni Bamero, iilan na lamang muli ang mga pumaksa sa kasaysayan ng Zambales batay sa pamantayan ng pagsasakasaysayan na itinakda ni Bamero. Maaaring tingnan ang talahanayan sa ibaba para sa mga nailathalang akda tungkol sa Zambales:

4 Liham ni Nilo Ocampo kay Violeta Bautista, Tagapag-ugnay ng Programang Gradwado, Dalubhasaan ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. UP Diliman. 28 Oktubre 1991. Makikita ang liham bilang kalakip ng unang bahagi sa Alma Bamero. (1991). *Zambales Before the Revolution*. Tesis Masterado. UP Departamento ng Kasaysayan.

**Talahanayan 1.**
*Tala ng mga nailathalang akda na pumapaksa sa Zambales*

| Taon ng Pub-likasyon | Porma ng Pagkakalimbag | May-akda | Pamagat | Mga Pa ngunahing Batis/ Sanggunian/Pamamaraan |
|---|---|---|---|---|
| 1680 | Manuskrito | Domingo Perez, OP | *Relation of the Zambals: Relation of the Zambal Indians of Playa Honda, Their Situation and Customs* | Maagang Etnograpiya |
| 1880 | Manuskrito | Francisco Cañamaque | *Monografia de Zambales* | Tala ng mga Misyonero |
| 1904 | Opisyal na ulat | William Allan Reed | "Negritos of Zambales" | Maagang Etnograpiya |
| 1916 | Manuskrito | Jose P. Guido | *The Negritos near Botoloan, Zam-bales.* | Maagang Etnograpiya |
| 1918 | Manuskrito | Vito N. del Fierro | *The Aetas of Zambales* | Maagang Etnograpiya |
| 1924 | Manuskrito | Gerardo A. Imperial | *The Negritos of Zambales Province* | Personal na Obserbasyon; Panayam |
| 1925 | Kabanata sa Aklat | Padre Licinio Ruiz, OAR | "Zambales" | Tala ng mga Misyong Ebanghe-likal |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1951 | Manuskrito | Bureau of Education | *Zambales Historical Data Papers* | Panayam<br>Pribadong koleksyon<br>Kwentong bayan |
| 1952 | Artikulo | Robert B. Fox | "The Pinatubo Negritos: Their Useful Plants and Material Culture" | Etnograpiya |
| 1954 | Artikulo | Jose P. Apostol | "The Ilocanos of Zambales" | Kolonyal na Ulat at Dokumento sa Pambansang Sinupan |
| 1981 | Monograpo | Pedro Asis Jr. | *A Short History of Zambales* | Inpormal na panayam |
| 1983 | Artikulo | J. Peter Brosius | "The Zambales Negritos: Swidden Agriculture and Environmental Change" | Etnograpiya |
| 1985 | Aklat | Reynato An. Cabatit | *The making of Olongapo (1885-1985)* | Pribadong koleksyon<br>Opisyal na ulat |
| 1985 | Aklat | Francisco Fuentecilla | *San Felipe Biography of a Town* | Kwentong bayan<br>Personal na karanasan at gunita |
| 1989 | Aklat | Hiromu Shimizu | *Pinatubo Aytas: Continuity and Change* | Etnograpiya |
| 1990 | Aklat | Ramon de Jesus | *Zambales* | Kolonyal na dokumento<br>Pribadong koleksyon |
| 1991 | Tesis Masterado | Alma Bamero | *Zambales Before the Revolution* | Kolonyal na dokumento sa Pambansang Sinupan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1991 | Aklat | Gerald R. Anderson | *Subic Bay From Magellan to Pinatubo* | Personal at pribadong koleksyon |
| 1998 | Artikulo | Alma Bamero | "Patterns of Resistance in Zambales" (halaw sa tesis masterado) | Kolonyal na dokumento sa Pambansang Sinupan |
| 2013 | Coffee Table Book | Farin, Benjamin et al. (mga patnugot) | *IBA kami! Zambales: 400 years of Iba as told by its sons & daughters* | Pribadong koleksyon<br>Panayam |
| 2015 | Artikulo | Analyn Muñoz | " Ang Pakikibaka ng mga Ayta noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig" | Panayam<br>Kolonyal na ulat |
| 2019 | Artikulo | Emmanuel Luis A. Romanillos | "Masinloc, Zambales: Augustinian Recollect Mission (1607-1902)" | Tala ng mga Misyonero |

Kabilang sa mga huling pag-aaral tungkol sa Zambales ang ambag ni Analyn Muñoz (2015) na pumaksa tungkol sa mga Aeta noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Panimulang pag-aaral ito kung saan inilahad ng may-akda ang natatanging bahaging ginampanan ng mga Negrito sa pakikipaglaban kasama ng mga Amerikano sa kabundukan ng Zambales. Maaaring ituring ito na bagong ambag sa pagsusulat ng kasaysayan ng Zambales na nagbibigay-pansin sa mga Ayta hindi lamang bilang mga "unang tao" at grupong etniko na matatagpuan sa Zambales kundi ang kanilang naging pagkilos sa panahon ng digmaan. Isa itong aspektong hindi natatalakay sa pangkabuuang kasaysayan ng lalawigan. Bilang akademiko at may kasanayan sa disiplina ng Kasaysayan, malinaw ang panahong saklaw ng pag-aaral ni Muñoz. Gayundin, maliban sa mga gunita ng mga Amerikanong gerilya, gumamit din ng panayam bilang batis ang may-akda kung saan nakausap niya mismo ang ilang gerilyang Ayta na buhay pa. Maliban sa pakikisangkot ng mga Ayta, ipinakita rin ni Muñoz kung papaanong naging natural na depensa ang kabundukan ng Zambales noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Samantala, may ilan namang tumuon sa pagsusulat ng kasaysayan ng mga partikular na bayan sa Zambales. Makikitang *pattern* sa mga akdang ito ang pagsandig sa mga inpormal na panayam, sariling alaala, karanasan, at mga personal na koleksyon ng mga larawan. Ito ang makikita sa mga halimbawang akda nina Francisco Fuentecilla (1989) na naglathala ng aklat tungkol sa bayan ng San Felipe at nina Farin et al. (2013) na namatnugot ng kasaysayan ng bayan ng Iba. Nagmula rin sila sa mga nasabing bayan at naging bahagi ng mismong kasaysayan. Kalakasan marahil ng mga akdang ito ang koleksyon ng mga larawan mula sa iba't ibang pamilya at ang mga kaalamang bayan mula sa kanilang mga panayam. Bagamat sa parehong akda, wala o hindi rin sapat ang pagsipi sa nilalaman nito. Kaiba ang mga nabanggit kung ihahambing sa aklat na *The Making of Olongapo 1885-1985* na isinulat ni Reynato Cabatit, ang noo'y Kalihim ng Sangguniang Panlungsod ng Olongapo bilang paggunita sa ika-isang daang taon ng pagkakatatag ng Olongapo. Tradisyunal pa rin kung tutuusin ang pagpapanahon sa aklat ngunit kung ihahambing sa mga kapanabayan nitong akda ay mayroong mas maayos na pagsipi at malinaw ang mga kinonsultang batis sa bawat bahagi. Mahalagang tuntungan ang akdang ito ng mga mananaliksik tungkol sa Olongapo at sa *Subic Naval Base* batay sa mga dokumento at larawang ginamit na mula sa mga naging opisyal sa mismong base militar.

Mula sa mga nabanggit na akda, makikita na nagpapatuloy ang mga pag-aaral at pananaliksik sa kasaysayan ng Zambales. Sa kabilang banda, mapapansin din ang ilang mga suliranin na patuloy na kinakaharap sa pagsusulat ng kasaysayang lokal. Sa susunod na

bahagi, tatalakayin ang mga nakitang suliranin sa pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayan ng Zambales at tatangkaing magbigay ng mga panukalang tugon sa mga hamon.

## Historiograpiyang Zambales: Mga Suliranin at Pagtugon

Sa pagsusulat ng kasaysayang lokal, nagbigay ang historyador na si Noel Teodoro (2001) ng tatlong mahahalagang usapin na dapat isaalang-alang: (1) wika; (2) kabansaan/nasyonalidad ng historyador; at (3) perspektiba hinggil sa periodisasyon o pagpapanahon. Bukod sa periodisasyon, sa usapin ng perspektiba rin maaaring iangkla ang lapit na ginamit ng may-akda sa pagsusulat ng kaniyang naratibo. Mahalagang masuri ang pinanggagalingang pananaw ng may-akda upang ganap na maipook ang ambag ng kaniyang tala sa pangkabuuang historiograpiya ng kasaysayang lokal ng Zambales. Tuntungan din ito upang mas maunawaan ang naging paraan ng paglalahad ng may-akda. Magkakaugnay ang mga usaping nabanggit at pawang nakakaapekto sa pagsusulat ng kasaysayang lokal. Ngunit maliban sa mga binanggit ni Teodoro, sa kaso ng Zambales, mahalagang suriin din kung papaano isinaalang-alang ng isang historyador ang paggamit ng metodolohiyang pangkasaysayan na siyang pangunahing salik sa pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayan. Inaasahang nakasandig ang akda sa isang matibay at kinikilalang metodolohiya sa proseso ng pag-unawa sa mga batis pangkasaysayan. Sa pamamaraang ito maituturing na may makatwirang batayan ang naging pagsusuri at interpretasyon ng historyador. Sa nasabi ring pamamaraan inaasahang napagtitibay ang pagsusulat ng kasaysayang lokal at maaaring ituring na mahalagang gawaing pang-akademiko. Gayundin, sa pagsalig sa metodolohiyang pangkasaysayan, maaaring mapaunlad ang kasaysayang lokal bilang isang "agham pantao" (*human science*) na nagbibigay-diin sa mas malalim na pag-unawa sa salaysay ng isang bayan kasabay ng masusing pagsusuri sa mga batis pangkasaysayan (Kipping, Wadhwani, at Bucheli 2013, p. 311). Batay sa mga usaping ito, susuriin ang mga suliraning kinakaharap sa pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayang lokal ng Zambales.

## Limitasyon ng mga Batis at Metodolohiya: Mga Suliranin sa Pananaliksik sa Kasaysayang Lokal ng Zambales

Batay sa mga natalakay na halimbawa ng mga akdang pangkasaysayan, malinaw na ang isa sa mga pangunahing kakayahan na hinihingi sa larangan ng historiograpiya ay ang pagkalap at pagsusuri ng mga batis. Ang kahalagahan ng aspektong ito sa pagsusulat ng kasaysayang lokal ay kritikal na sinuri ni Beckett (2007) kung saan ibinahagi niya ang pag-aaral na ginawa sa Britanya matapos

ang *Standing Conference for Local History* noong 1977. Isa sa mga resulta ng nasabing kumperensiya ang pagbubuo ng komite na siyang susuri sa lagay ng kasaysayang lokal partikular na sa England at Wales. Ang nasabing komite ay pinangunahan ni Lord Blake, isang historyador mula sa Unibersidad ng Oxford. Sa ulat ng komite, ibinahagi nito na ang kasanayan ng isang mananaliksik ay mahalagang salik sa pagbubuo ng isang mahusay na kasaysayang lokal. Bunsod nito, inirekomenda ng komite ang pagbubuo ng gradwadong programa sa kasaysayang lokal. Kabilang sa iba pa nilang rekomendasyon ay ibinahagi ni Beckett (2007):

> promote [the] idea that all courses in local history should include training in a knowledge and understanding of sources, a systematic method of investigation; the use of documentary material, in the original if possible, or otherwise in reproduced form; and group, as well as individual field or practical work of a research nature; develop MA degrees in local history, and extend scope for work leading to award of Certificate or Diplomas.
>
> [Isulong ang ideya na ang lahat ng kurso sa kasaysayang lokal ay dapat magkaroon ng pagsasanay sa kaalaman at pag-unawa sa mga batis, isang sistematikong metodolohiya ng pagsisiyasat; ang paggamit ng mga materyal na dokumento, sa orihinal kung maaari, o kopyang anyo; at pangkatan, gayundin ang inidibidwal na pananaliksik sa lugar o praktikal na pananaliksik; bumuo ng mga kursong Masterado sa kasaysayang lokal, at palawakin ang saklaw para sa mga gawain tungo sa pagkakaloob ng Sertipiko o Diploma.] (mp. 192-193, akin ang salin)

Ang rekomendasyong nabanggit ay ang nakitang paraan ng komite ni Blake upang lumikha ng tulay sa pagitan ng mga mananaliksik mula sa akademya at ang mga may interes sa kasaysayang lokal ngunit nangangailangan ng pagsasanay sa pananaliksik. Itinakda kung gayon ng komite ang mahalagang gampanin ng mga unibersidad upang maglaan ng mga pagsasanay sa mga indibidwal na may hilig sa pananaliksik sa kasaysayang lokal ngunit walang pormal na pagsasanay sa pagsusuri ng mga batis at iba pang kakayahang kaugnay ng pananaliksik at pagsasakasaysayan. Para kina Blake, dapat ding kilalanin ang ambag ng mga lokal na mananaliksik para sa kanilang sigasig na makabuo rin ng kasaysayang lokal. Upang tugunan ang kakulangan ng kasanayan sa pagsusuri ng batis, maaaring maging tulay ang mga unibersidad sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagsasanay kaugnay sa mga metodolohiya at iba pang kaalaman at kasanayang pangkasaysayan. Matapos ilabas ang ulat nina Blake noong 1979, bumuo ng programang Masterado sa Kasaysayang Lokal

ang maraming unibersidad sa Britanya kabilang na ang Unibersidad ng Nottingham na binuo ang Masterado sa Kasaysayang Lokal at Kasaysayang Rehiyonal (*MA in Local and Regional History*) noong 1983. Gayundin, sa pamamagitan ng programang Adult Education (*Continuing Education* sa kasalukuyan), nagsagawa ng mga pagsasanay ang nasabing unibersidad para sa mga may interes sa kasaysayang lokal at nagkaloob ng mga kursong Sertipiko sa Kasaysayang Lokal. Sa kasamaang palad, nananatiling hamon ito sa Pilipinas hanggang sa kasalukuyan.

Ang ganitong suliranin sa pananaliksik ay masasalamin sa mga halimbawang akda ng Zambales. Binanggit ni Bamero (1991) na isa sa mga dahilan kung bakit tumuon ang kaniyang pananaliksik sa ika-19 dantaon ay dahil sa kakulangan ng batis na maaaring makabuo ng salaysay tungkol sa Zambales mula sa maagang kasaysayan nito hanggang bago ang ika-19 dantaon. Malaking bahagi ng mga dokumentong sumasaklaw rito ay nasa *Archivo General de Indias* sa Seville sa Espanya (Bauzon, 1978). Ngunit maliban sa kawalan ng akses sa mga dokumento na sumasaklaw sa panahong ito, suliranin din ang kaalaman at kakayahan sa pagsusuri ng mga batis na nasa wikang Espanyol. Ang kakayahan sa pananaliksik lalo na ang pagsusuri at pagbabasa ng batis sa panahong ito ay nangangailangan ng kasanayan hindi lamang sa wikang Espanyol kundi ng kasanayan sa paleograpiya o ang pagsusuri sa mga sinaunang sulat-kamay at estilo ng pagsulat. Ito marahil ang dahilan kung bakit salat ang pagtalakay sa karanasan at pamumuhay sa Zambales sa maagang panahon ng kolonyalismong Espanyol. Litaw itong naging suliranin sa mga akda nina Asis Jr. (1981) at de Jesus (1990) na tila batay ang salaysay sa maiikling tala tungkol sa Kristiyanisasyong isinagawa ng mga Dominikano at Agustino Rekoleto na nabanggit sa ilang mga dokumentong nasa *The Philippine Islands* nina Blair at Robertson (1973). Gayunpaman, mahalagang banggitin na sa pinakabagong akda ni Romanillos (2019) tungkol sa kasaysayan ng misyong Agustino Rekoleto sa bayan ng Masinloc, makikita ang mas malawak na pananaliksik tungkol sa lalawigan gamit ang mga tala ng mga misyonero at iba pang kolonyal na dokumentong kinalap sa mga sinupan sa Espanya.

Katulad ng suliranin sa mga batis sa panahon ng kolonyalismong Espanyol, mayroon ding kakulangan sa mga pag-aaral tungkol sa kasaysayan ng Zambales sa unang hati ng ika-20 dantaon. Maliban sa mga akda nina Cabatit (1985) tungkol sa Olongapo at Anderson (2019) tungkol sa Subic na nakakalap ng mga batis mula sa mga kaibigan at kakilala, salat din ang iba pang akda sa mga batis kaugnay sa ika-20 dantaon. Mapapansin ito halimbawa sa nilalaman ng akda ni de Jesus (1990) sa itaas kung saan mayroon lamang dalawang kabanata tungkol sa kasaysayan ng Zambales noong ika-20 dantaon. Samantala,

sa naunang akda ni Asis Jr. (1981), walang kabanatang sumaklaw sa unang hati ng ika-20 dantaon. Makikita ito sa nilalaman ng kaniyang akdang Short History of Zambales:

**Paksa/Kabanata**

*Preface*

*Geographical Location*

*Origin of the Name*

*The People*

*The Aborigines*

*The Baclays*

*The Ainus*

*What are the Zambals*

*The Waves of Immigration*

*Language of the People*

*The Division of the Province*

*Government*

*The Fight Against the Recollects*

*Zambales during the Revolution*

*Religion of the Zambals*

*The Old Sambal Towns*

*Why Palauig and Castillejos Have the Same Patron Saint*

*Galaxy of Prominent Zambaleños*

*The Magsaysay Family*

Repleksyon ang ganitong halimbawa ng kasaysayang lokal ng Zambales sa hamon ng patuloy na paggalugad ng mga batis tungkol sa lalawigan. Gaya ng nabanggit na, marami sa mga dokumentong kolonyal ay maaari nang maakses dahil sa digitisasyon ng mga ito. Para sa mga batis noong ika-20 dantaon, mahalagang katulong ng mananaliksik ang mga website gaya ng *University of Michigan Library Digital Collections*, Pambansang Sinupan ng Estados Unidos, at *Hathitrust Digital Library* kung saan makakalap ang mga taunang ulat, pahayagan, *magazine*, at iba pang mga primaryang batis kaugnay

ng Pilipinas sa panahon ng kolonyal na pamahalaang Amerikano. Mahalagang banggitin na mayroon na ring koleksyong digital ang Pambansang Aklatan ng Pilipinas na makikita sa website nito. Sa kasamaang palad, ang mga batis na ito ay hindi pa nagagalugad ng mga naunang sumulat ng kasaysayang lokal ng Zambales na siyang magiging hamon sa mga susunod na mananaliksik na magtatangkang sumulat ng kasaysayan ng lalawigan.

Maliban sa pangangalap at pagsusuri ng batis, kabilang sa litaw na suliranin sa ilang kasaysayang lokal ng Zambales ang koroborasyon ng mga batis at kakulangan o kawalan ng pagsipi sa mga akda. Ang suliraning ito ay litaw sa mga akdang nauna nang nabanggit gaya ng akda ni Asis Jr. (1981), Fuentecilla (1985) at Anderson (2019). Samantala, ang ilan naman ay pili o iilan lamang ang mga bahaging may pagsipi gaya ng akda nina de Jesus (1990) at Cabatit (1985). Nagiging suliranin ito lalo na para sa iba pang mananaliksik na nais ding masuri ang mga batis na naging batayan ng mga akda. Kaugnay nito, mahalagang usapin ng etika sa pananaliksik ang pagkilala sa mga batis kung saan nakuha ang datos sa mga pag-aaral. Sa paraang ito, mabibigyan ng pagkakataon ang mga mambabasa na matasa ang katiyakan sa mga naisulat tungkol sa kasaysayan ng lalawigan. Halimbawa, sa akda ni Asis Jr. (1981), tinukoy niya ang grupo ng mga Ainu na sinasabing naunang nanirahan sa lalawigan bago pa man dumating ang mga Malayo at Indones. Gayundin, tinukoy niya ang mga Baclay na ayon sa kaniya ay produkto ng pag-aasawahan ng mga Negrito at Ainu. Ngunit dahil walang pagsipi ang akda, mahirap mawari kung ang salaysay na ito ay batay sa dokumento o tradisyong oral. Gayunpaman, mahalaga pa ring kilalanin ang ambag ng mga naunang akda tungkol sa Zambales bilang preliminaryong babasahin ng iba pang mananaliksik na nais pag-aralan ang kasaysayan at kultura ng lalawigan. Hamon kung gayon ang kakayahan sa pangangalap at pagsusuri ng mga batis at kung papaano ito gagamitin, sa pagbubuo ng salaysay tungkol sa kasaysayan ng Zambales.

Kaugnay nito, mahalagang tingnan ang metodolohiyang ginamit ng mga banyagang iskolar na nagsagawa ng *fieldwork* sa Zambales. Mababanaag sa mga akda nina Brosius (1983) at Shimizu (1989) ang pagiging tagalabas na nag-aral sa kultura na kaiba sa kanila. Maaaring maging mas makabuluhan pa ang mga ganitong pag-aaral kung ilalapat ang pamamaraang "pakikipamuhay" na una nang binanggit ni Bernadette Lorenzo-Abrera (2001, p. 119) bilang "pinakamahalagang metodolohiya" sa pananaliksik ng kasaysayang lokal. Binigyang-kahulugan ni Lorenzo-Abrera (2001) ang banyagang konsepto ng "fieldwork" bilang "pangangalap ng datos sa pamamagitan ng pagtungo sa larangan at pag-aaral ng buhay ng mga tao doon." Dagdag pa, tila ipinapahiwatig ng "fieldwork" na ang mananaliksik

o etnograper ay hiwalay sa "diwa at damdamin" ng mga grupong kaniyang pinag-aaralan. Sa kabilang banda, mas angkop aniya ang "pakikipamuhay" na "pakikiisa sa karanasan at kaugalian ng mga tao" (Lorenzo-Abrera, 2001, p. 119). Ibig sabihin, mas nauunawaan nito ang gawi at kultura na halos kabahagi siya ng grupong kaniyang sinasaliksik. Sa ganitong pamamaraan, maaaring mabuo ang salaysay ng mga Aeta at ang kanilang ambag sa kasaysayan bilang bahagi ng mas malawak na kasaysayang panlalawigan at pambansa, at hindi bilang isang hiwalay na grupo na may "kakaibang" kultura.

Mahigit limang dekada matapos banggitin ni Larkin (1972) ang kakulangan sa pagsusulat ng kasaysayang lokal, nananatiling hamon ito sa kaso ng kasaysayan ng Zambales. Ngunit maliban sa kakulangan batay sa bilang o dami ng pananaliksik, higit na suliranin ang kakulangan ng mga pag-aaral na nakasandig sa metodolohiyang pangkasaysayan na masasalamin din sa pagsasalaysay o pagsusulat nito.

## Hamon sa Pagsasakasaysayan: Mga Suliranin sa Pagsusulat ng Kasaysayang Lokal ng Zambales

Isa sa mga pangunahing isinasaalang-alang sa pagsusulat ng kasaysayan ay ang pamamaraan kung papaano ito maibabahagi sa pinatutungkulan ng akda. Kaugnay nito, malaon nang nasalungguhitan ang kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino sa pagsusulat ng kasaysayan (Navarro, 2000; Salazar, 1991). Nakakabit sa wika ang kamalayang Pilipino na pangunahing pinapanday sa pagsusulat ng kasaysayan, pambansa man o lokal. Para kay Teodoro (2001), makatuturan ang paggamit ng wikang Filipino lalo na sa pagsusulat ng kasaysayang lokal dahil ito ang wikang nag-uugnay sa iba't ibang lalawigan at rehiyon. Pinatitingkad kung gayon ng paggamit ng wikang Filipino ang ating identidad at kakanyahan bilang mga Pilipino. Gayundin, wika ang siyang nagiging tulay sa ugnayang historikal at kultural ng mga bayan at lalawigan na maaaring lumitaw sa proseso ng pagsusulat ng kasaysayang lokal. Higit na tampok ang usapin ng wika sa diskurso ng Pantayong Pananaw at Bagong Kasaysayan[5] kung saan pangunahing isinaalang-alang ang paggamit ng wikang mas nauunawaan ng nakararaming Pilipino. Nasa ibaba ang banggit ni Salazar (2000) tungkol sa mahigpit na ugnayan ng wika at ng pagsusulat ng kasaysayan:

…Hangga't hindi tayo magsusulat hinggil sa sarili bilang

5 Para sa panimulang pag-aaral tungkol sa dalumat ng Pantayong Pananaw at Bagong Kasaysayan, maaaring tingnan ang Atoy Navarro, Mary Jane Rodriguez, Vicente Villan (pat.) 2000. *Pantayong Pananaw: Ugat at Kabuluhan Pambungad na Pag-aaral ng Bagong Kasaysayan.* Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

> tagapagpagalaw at tagapagpaliwanag ng mga pangyayaring kinasasangkutan natin hindi tayo magiging sentro ng mga pangyayaring ito. Kaya mahalaga hindi lamang ang maging Pilipino at sa Pilipino ang istoriograpiyang Pilipino kundi ang maging palasulat sa Pilipino hinggil sa mga nangyayari sa kanya at sa bansa. Kailangan ang isang tradisyong pangkasaysayan at ang kamalayang pangkasaysayan. At hindi matatamo ang dalawa kung hindi seryosong maipalalaganap ang pagsusulat ng mga "nakapag-aral" (at ng lahat) sa wikang Pilipino. (p. 43)

Unang nailathala ang hayag na ito ni Salazar bilang paunang salita sa aklat ni Ocampo (1985) ngunit matapos ang tatlong dekada, nananatiling suliranin ito sa historiograpiya ng Zambales. Maliban sa artikulo ni Muñoz (2015), nasa wikang Ingles na ang iba pang mga akda patungkol sa kasaysayan ng lalawigan. Suliranin ito lalo na sa usapin ng pagpapalawak ng kamalayang pangkasaysayan sa mas nakararami lalo na sa mga Zambaleño. Mula rito, maaaring balikan ang layunin o dahilan kung bakit nagsusulat ng kasaysayan ang isang mananaliksik. Para saan at para kanino ba ang pagbubuo ng kasaysayan ng isang lalawigan o bayan? (Navarro, 2000). Mahalagang mabigyang-diin na ang layunin ng pagsusulat ng kasaysayang lokal ay hindi lamang upang patunayan ang kakayahan ng historyador sa historiograpiya at sa akademya kundi upang maipakita ang saysay nito para sa pinatutungkulang grupo. Ang pagsusulat ng kasaysayang lokal ay paglinang din sa kultura at kamalayan ng bayan at ang paggamit ng wikang nauunawaan ng mas marami ay maituturing ding pagpapanday at pagpapayabong ng ating lokal na kultura at kalinangan.

Kaugnay ng wika, mahalaga ring isaalang-alang ang kabansaan o nasyonalidad ng historyador sa pagsusuri ng kasaysayang lokal sapagkat mayroon itong epekto sa konteksto at interpretasyon ng kaniyang salaysay. Halimbawa, bagamat magagamit na batis ang isinulat ni William Allan Reed (1904) tungkol sa mga Aeta ng Zambales, kinakailangan ng masusing pagsusuri at pag-iingat sa pagbasa ng kaniyang akda. Makikita sa kaniyang salaysay ang mababang pagtingin sa kultura at kasaysayan ng probinsiya, partikular na sa mga Aeta, na nagpapakita ng impluwensiya ng kaniyang pananaw bilang isang Kanluranin. Bilang tagalabas na nag-aral tungkol sa isang lalawigan at sa isang etnikong grupong matatagpuan dito, hindi maiiwasang nabibigyan ng diin ang mga paglalarawan na kaiba kung ihahambing sa kaniyang kulturang pinagmulan, lalo na marahil at isinagawa ang etnograpiya sa konteksto ng kolonyalismo. Bilang proyekto ng kolonyal na pamahalaang Amerikano, inilimbag ang pag-aaral ni Reed sa ilalim ng ahensiyang *Ethnological Survey for the Philippine Islands* kung kailan binibigyang-katwiran ng Estados Unidos ang kaniyang pananakop

sa Pilipinas. Kung kaya't hindi nakakapagtaka na ang mga salaysay tungkol sa lalawigan at sa mga Aeta ay halos nakatuon sa kababaan ng antas ng pamumuhay ng mga katutubo, mula sa pisikal na anyo, pananamit, at sa kanilang araw-araw na pamumuhay, inilarawan ang mga katutubo bilang mga primitibo. Nasa ibaba ang halimbawang salaysay ni Reed (1904):

> The characteristics which serve more than any others to distinguish the true Negrito from other inhabitants of the Philippines are his small stature, kinky hair, and almost black skin. His eyes may be more round, his nose more short and flat, and his limbs more spindling than is the case with peoples of Malayan extraction, but these features are usually less noticeable. Perhaps undue emphasis has been given by writers on the Negrito on his short stature, until the impression has gone abroad that these primitive men are veritable dwarfs.
>
> [Ang mga katangiang higit na nakapagpapakilala sa tunay na Negrito mula sa ibang mga naninirahan sa Pilipinas ay ang kaniyang maliit na tangkad, kulot na buhok, at halos itim na balat. Maaaring mas bilugan ang kanyang mga mata, mas maikli at pango ang ilong, mas payat ang kanyang mga biyas kaysa sa mga taong may dugong Malay, ngunit ang mga katangiang ito ay hindi gaanong napapansin. Marahil hindi nabigyan ng mga manunulat ng nararapat na diin ang maliit na tangkad ng Negrito, hanggang sa lumabas ang impresyon sa ibang bansa na ang mga primitibong tao na ito ay tunay na mga duwende.] (p. 33, akin ang salin)

Batay sa balangkas ng paglalarawan ni Reed, hindi nakakapagtaka kung gayon ang naging impresyon ng mga mambabasa tungkol sa mga Aeta. Ang halimbawang epekto ng publikasyon ni Reed ay masasalamin sa artikulo ni A.C. Haddon (1906) na lumabas dalawang taon matapos mailimbag ang akda:

> On a previous occasion we have referred to the memoir on the Negritos of Zambales, by Mr. W.A. Reed, which contains a large number of excellent plates illustrating the general appearance and some of the occupations of these very interesting and primitive people. The Negritos were, without doubt, the aboriginal inhabitants of the Philippines, and they and their congeners in the Malay Peninsula, and in the Andamans, are the relics of one of the most archaic of human stocks.
>
> [Sa isang naunang pagkakataon, kami ay tumukoy sa isang

> gunita tungkol sa mga Negrito sa Zambales, ni G. W.A. Reed, na naglalaman ng maraming bilang ng mahuhusay na larawan na nagpapakita ng pangkalahatang anyo at ilan sa mga hanapbuhay ng mga interesante at primitibong tao na ito. Ang mga Negrito ay, walang duda, mga sinaunang naninirahan sa Pilipinas, at sila at ang kanilang mga katulad mula sa Malay Peninsula at sa Andaman, ay mga labi ng isa sa mga pinakamatanda at sinaunang lahi ng sangkatuhan.] (p. 585, akin ang salin)

Ipinakikita nito ang mahalagang papel ng nasyonalidad ng isang historyador o mananaliksik sa pagbuo ng mga naratibong pangkasaysayan. Malinaw ang pagkakaiba ng pagsusulat at interpretasyon batay sa kontekstong pinagmulan ng may-akda, bilang tagalabas o tagaloob. Bagamat salik din ang panahon at konteksto kung kailan isinagawa ang pag-aaral, hindi maitatanggi na sa kaso ng akda ni Reed, makikita ang impluwensiya ng kaniyang Kanluraning perspektiba na masasalamin sa paraan ng kaniyang pagsasalaysay.

Sa kabilang banda, mahalagang banggitin na mahigit isang dekada matapos ang pagkakalimbag ng akda ni Reed, mayroon ding mga etnograpiyang nailimbag ang mga Pilipino tungkol sa mga Aeta gaya nina Jose P. Guido (1916), Vito N. del Fierro (1918), at Gerardo Imperial (1924) na lumabas sa panahon din ng kolonyalismong Amerikano. Sa kanilang akda, litaw pa rin ang kolonyal na pagtingin sa mga katutubo at pagbibigay-diin sa katangiang pisikal ng mga Aeta at/o ang kanilang mababang antas ng pamumuhay. Sa akda halimbawa ni del Fierro (1918, p. 1), hinati niya ang pagtalakay sa pagitan ng mga “sibilisado” at “di-sibilisadong” Aeta sa lalawigan at kung saang mga partikular na bayan o barrio sila matatagpuan. Sa paglalarawan ni del Fierro, ipinakita niya ang umano’y bentahe ng mga Aeta na napasailalim na ng pamamahala ng kolonyalismo at mga pagbabagong naranasan ng mga ito samantalang nanatiling primitibo ang mga hindi pa napapasailalim sa kontrol ng mga Amerikano. Dagdag pa, tinitingnan lamang ang mga Aeta bilang pasibong tumanggap ng mga pagbabago dulot ng kolonyalismo. Halos sa ganitong tema rin uminog ang akda ni Guido (1916) na tinukoy ang mga lugar ng mga Aeta na pasipikado na at kung saang mga lugar ang nangangailangan pa ng pasipikasyon. Batay sa konteksto at panahon kung kailan isinagawa ang mga etnograpiyang nabanggit, matutunghayan ang halimbawa ng mga Pilipinong manunulat na naninilbihan sa mga dayuhan kung kaya’t mayroong interes na isinusulong na siyang pangunahing impluwensiya sa uri ng naratibong lumitaw sa kanilang akda. Kung tutuusin, ang mga akdang nabanggit ay halimbawa ng mga etnograpiyang gumamit ng pamamaraang nakabatay sa lahi (*racialized methodology*) (Rodriguez-Tatel, 2010, 1) para sa patuloy na pagbubuo ng kolonyal na polisiya ng

mga Amerikano upang kontrolin ang mga katutubo at kung papaano sila tinitingnan ng lipunang kolonyal. Kaugnay nito, masasabing sa ilang pagkakataon, lalo na sa kontekstong kolonyal, ang kabansaan o nasyonalidad ay hindi awtomatikong magluluwal ng maka-Pilipinong pananaw sa pag-aaral ng kasaysayang lokal. Kaakibat ng kabansaan ay ang perspektibang pinagmumulan ng may-akda na masasalamin sa kaniyang interpretasyon sa mga batis at sa mismong pagsusulat ng kasaysayan.

Kung kaya't bukod sa kabansaan ng historyador, mahalagang salik din ang pagpapalitaw ng perspektibang angkop sa isang kasaysayang lokal. Isang halimbawa rito ang dekolonyal na pagbasa na maaaring gamitin upang siyasatin kung paanong ang mga representasyon ng lalawigan ay naimpluwensiyan ng mga dayuhang pananaw at diskurso. Sa pamamagitan ng ganitong lapit, nagkakaroon ng puwang ang mas kritikal na pagsusuri sa mga tekstong kolonyal, gaya ng mga isinulat nina Reed (1904), Guido (1916), del Fierro (1918) at Imperial (1924). Kaugnay nito, pagsapit ng 1980s, etnograpiya rin o ang siyentipikong metodolohiya ng paglalarawan sa pamumuhay ng mga tao (Rodriguez, 2010) ang pangunahing pamamaraan na ginamit nina J. Peter Brosius (1983) at Hiromu Shimizu (1989) na kapwa nagsulat tungkol din sa mga Aeta ng Zambales. Mapapansing naging preokupasyon ng mga dayuhang iskolar ang katutubong grupo sa lalawigan mula pa sa panahong kolonyal at naging paksa sa maraming pag-aaral kaugnay sa kasaysayang lokal ng lalawigan. Marahil bunsod ng mga naunang paglalarawan sa mga Aeta bilang "kakaiba" ang kultura at pamumuhay noong panahong kolonyal kaya't naitulak din ang iba pa na manaliksik tungkol sa kanila. Ngunit masasabing kaiba sa mga akdang lumitaw sa panahong kolonyal, ang mga pag-aaral nina Brosius (1983) at Shimizu (1989) ay nakatuon hindi sa pagiging "primitibo" ng mga Aeta kundi sa kung papaano sila hinulma ng kanilang kapaligiran. Ipinakita sa kanilang pag-aaral ang dinamikong relasyon ng mga Aeta sa kalikasan at ang kanilang kakayahang umangkop sa nagbabagong panahon gayundin ang malalim na kaalaman sa agrikultura. Kaiba ito sa mga naunang pagkakahon sa kanila bilang pawang nangangaso at nangangalap lamang mula sa kanilang paligid. Sa partikular, nakatulong ang multidisiplinaryong lapit na ginawa nina Brosius (1983) at Shimizu (1989) gaya ng paglalapat ng mga pag-aaral sa Antropolohiya at Sosyolohiya sa mas malalim na pag-unawa sa kasaysayan at kultura ng mga Aeta sa Zambales. Gayundin, nakatulong ang mga pag-aaral ng kaso (case studies) na ginawa halimbawa ni Shimizu (1989) upang mapatunayan ang mga gawi at kultura ng mga Aeta na kaniyang tinalakay.

Sinasalamin din ang perspektiba ng awtor sa kaniyang periodisasyon o sa mga ikutang pangyayari na kaniyang itinatakda sa

pagbubuo ng isang kasaysayang lokal. Habang ang ibang lalawigan ay nakapagluwal na ng komprehensibong kasaysayan gaya ng mga nabanggit nang akda nina Larkin (1972), Veneracion (1984), at Medina (1985), sa kaso ng Zambales ay litaw pa rin ang mga tradisyunal na lapit sa pagsusulat ng kasaysayang lokal. Marami sa mga akdang nailathala ay nakasandig sa pagpapanahong itinatakda ng kasaysayang pambansa. Nanatiling pamantayan ang mga kaganapan sa Maynila bilang batayan ng mga ikutang pangyayari sa kasaysayan ng lalawigan. Ang ganitong periodisasyon o pagpapanahon ay masasalamin sa akda halimbawa ni de Jesus (1990) na hanggang sa kasalukuyan ay ang tanging akdang sumasaklaw mula sa maagang kasaysayan ng Zambales hanggang sa panahong kontemporaryo. Mapapansing ang kaniyang pagpapanahon sa kasaysayang lokal ay pangunahing nakasalig pa rin sa periodisasyon ng pambansang kasaysayan. Makikita ito batay sa paghahati ng mga paksa at/o panahon maging ang bilang ng mga pahinang inilaan sa mga ito batay sa Talaan ng Nilalaman ng kaniyang akdang Zambales (de Jesus, 1990):

| **Paksa/Kabanata** | **Pahina** |
|---|---|
| The Beginnings of Zambales | 1 |
| The Aetas of Zambales | 5 |
| The Early Zambals | 9 |
| The Spanish Colonization | 15 |
| The Zambal Insurrections | 25 |
| The Zambal Invasion of Ilocos | 29 |
| The Dutch Invasion of Playa Honda | 31 |
| The Zambales Economy Under Spain | 33 |
| The Fight for Independence | 35 |
| The Coming of the Americans | 39 |
| The American Occupation | 45 |
| The Japanese Invasion | 53 |
| The Guerilla Movement and Liberation | 55 |
| Postwar Reconstruction and Politics | 61 |
| Zambaleño Achievers in the Postwar Period | 65 |
| Magsaysay as Congressman and Defense Secretary | 69 |

| | |
|---|---|
| Magsaysay, the Man | 73 |
| The 1953 Presidential Election | 79 |
| The President from Zambales | 83 |
| The Death of Ramon Magsaysay | 89 |
| Marching in the Sun | 93 |

Ang ganitong lapit sa periodisasyon ay maaaring resulta ng kolonyal na mentalidad o kolonyal na pagsasakasaysayan na kinagisnan ng isang historyador (Teodoro, 2001). Ang paraan ng pagsusulat ng kasaysayan na produkto ng kaniyang panahon ay repleksyon din sa uri ng pagsasakasaysayan na naisalin sa kaniyang akda. Batay sa halimbawang akda ni de Jesus (1990), makikita na halos nakatuon sa mga mananakop sa halip na palitawin ang taal na kakanyahan ng mga Zambaleño at kalinangan ng lalawigan sa kabuuan. Samantala, iminungkahi naman ni John Beckett (2007) na upang mas maunawaan ang pinagmumulan ng awtor at ang pagtatakda niya ng mga ikutang pangyayari, kailangang alamin ano ang kaniyang agenda sa pagsusulat ng kasaysayang lokal. Bawat historyador ay mayroong dahilan at layunin bakit siya nagsusulat ng kasaysayang lokal. Ang mga iskolar halimbawa ay maaaring nagsusulat ng kasaysayan para sa gradwadong pag-aaral na nakasalig sa sistematikong metodolohiya. Samantala, may ilan namang walang pormal na pagsasanay sa pananaliksik at nais lamang malaman ang kasaysayan ng kanilang pamilya o ng kanilang bayan. Sa ganitong halimbawa, makikitang kapwa nagsusulat ng kasaysayang lokal ang isang iskolar at isang lokal na historyador ngunit magkaiba ang kanilang agenda. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa layunin ng awtor, mas mauunawaan ang perspektibang litaw sa kaniyang akda.

Batay sa halimbawang akda ni de Jesus (1990), makikitang ang nais salungguhitan ng kaniyang akda ay ang kasaysayan ng lalawigan sa panahong kolonyal at ang mga natatanging Zambaleño na nakilala sa iba't ibang larangan na may diin sa talambuhay at pulitikal na karera ni Ramon Magsaysay. Sa ganitong konteksto, masasabing hanggang sa kasalukuyan, hamon pa rin ang pagsusulat ng kasaysayan ng Zambales na umiinog sa sariling dinamikong daloy ng karanasan ng mga Zambaleño sa kabuuan; ugnayan, at pagbabago na hindi lamang nakaayon sa dominanteng naratibo ng pambansang kasaysayan; at periodisasyon na nagpapalitaw sa lokal na karanasan at kalinangan. Ang kasaysayan ng isang lalawigan ay nararapat na magbigay ng mga partikular na kaganapan batay mismo sa lokal na anyo ng kultura at kasaysayan.

## Konklusyon

Bago pa lumawak ang larangan ng pagsusulat ng kasaysayang lokal sa Pilipinas, umiiral na ang nosyon na ito ay lunsaran ng mga baguhang mananaliksik sa Kasaysayan (Cruz, 1984). Mayroon ding pagtingin na mas mataas ang antas ng gawain sa pagsusulat ng pambansang kasaysayan sapagkat mas malawak ang saklaw nito kung ihahambing sa kasaysayang lokal. Gayunpaman, itinampok ni Bauzon (1978) na ang pananaliksik sa kasaysayang lokal ay hindi lamang mas maliit na bersyon ng kasaysayang pambansa kundi isang larangan na nangangailangan ng masusing metodolohikal na kasanayan. Dagdag pa, ang kasaysayang lokal ay nangangailangan na mataas na antas ng kaalaman at kakayahan batay sa pamantayan ng historiograpiya lalo na at mahalaga ang gampanin ng kasaysayang lokal sa pagbubuo ng mas malawak na kasaysayang pambansa. Saad ni Bauzon (1978):

> The practitioner of local history is right where the action is, so to speak, while the practitioner of national history, because he occupies a far more removed position, merely looks at the forest, and not the trees.
>
> [Ang tagapagsaliksik ng kasaysayang lokal ay nasa mismong kinaroroonan ng mga pangyayari, samantalang ang tagapagsaliksik ng pambansang kasaysayan, dahil sa mas malayo niyang pananaw ay tumitingin lamang sa kagubatan at hindi sa bawat punong bumubuo nito.] (p. 158, akin ang salin)

Gayunpaman, mahalagang bigyang-diin na ang pangunahing layunin ng pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayang lokal ay hindi upang itampok ito bilang higit na mas matimbang o mas mahalaga kaysa sa kasaysayang pambansa. Sa halip, nararapat na magkaroon ng isang komplementaryong pananaw kung saan ang parehong uri ng kasaysayan ay kapwa nakakapag-ambag sa mas malalim at mas inklusibong pag-unawa sa pangkabuuang karanasan at kalinangan ng bansa. Sa ganitong paraan, ang mga mananaliksik sa larangan ng kasaysayan ay dapat magtagpo sa parehong tunguhin – ang pagbubuo ng mas holistikong historiograpiya na nakasandig sa akmang metodolohiyang pangkasaysayan.

Sa kaso ng Zambales, masasabing mayroon pa ring pangangailangan upang ganap na mailahad ang mas malalim at komprehensibong kasaysayan ng probinsiya. Dahil nakasalig ang maraming mga naunang akda sa tradisyunal na temang pulitikal at pagsesentro sa mga kilalang pamilya at personahe, hindi pa rin naisasakatuparan ang layuning humiwalay sa tradisyunal na tema ng historiograpiyang Pilipino. Maaaring repleksyon ito hindi lamang ng

tradisyunal na pananaw sa kasaysayang lokal, kundi sa kasanayan ng mananaliksik sa metodolohiyang pangkasaysayan. Bagamat mayroong mga lokal na historyador, ang mga suliraning nabanggit kaugnay ng pagkalap, pagsusuri at interpretasyon ng mga batis ang mga pangunahing salik na kailangan pa ring tugunan hanggang sa kasalukuyan. Mahalaga rin hindi lamang ang kapookan ng may-akda kundi ang wika at perspektiba na kaniyang itinataguyod. Sa paraang ito maaaring makabuo ng kasaysayang lokal ng Zambales na batay mismo sa mga naging karanasan ng lalawigan.

Suliranin din ang kakulangan ng iba pang temang maaaring talakayin sa kasaysayang lokal. Sa pamamagitan ng paglalangkap ng iba pang tema o lapit mula sa ibang disiplina at larangan, maaaring mapalawak ang pag-aaral ng kasaysayang lokal ng Zambales. Ang paglalangkap halimbawa ng mga napapanahong tema gaya ng kasaysayang pangkapaligiran, sosyo-kultural, urbanisasyon, etnokasaysayan at iba pa ay maaaring gamitin bilang balangkas konseptwal at/o metodolohiya ng mga susunod na mananaliksik. Gayundin, dahil sa digitisasyon ng mga dokumento sa mga sinupan, maaaring suriin ang iba pang batis na hindi pa nagagalugad sa mga naunang akda. Batay sa mga nailathala nang akda tungkol sa Zambales, may puwang pa rin sa mga salaysay lalo na sa ika-20 dantaon.

Sa kabuuan, higit sa pagbibigay-tuon sa Zambales bilang paksa ng pag-aaral, kinakailangan din ang paglinang ng matibay na pundasyon sa kasanayan at kaalaman sa historikal na pananaliksik. Ang pagsusulat ng kasaysayang lokal ay nangangailangan ng masusing pagsusuri ng mga batis at malalim na pang-unawa sa mas malawak na kontekstong panlipunan, pang-ekonomiya at pangkultura na umiiral sa isang lokalidad.

## Pagkilala
Maraming salamat kay Aaron Mallari sa mga mungkahing nakatulong sa pagbalangkas ng artikulong ito.

## Bionote
Si Janet S. Reguindin-Estella ay Katuwang na Propesor sa UP Departamento ng Kasaysayan kung saan din siya nagtapos ng kaniyang BA, MA, at PhD sa Kasaysayan. Kabilang sa kaniyang mga interes sa pananaliksik ang kasaysayang buhay, kasaysayan ng kababaihan, at kasaysayang lokal ng Zambales. Siya rin ang kasalukuyang Pangulo ng Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig, at Interes sa Kasaysayan (ADHIKA) ng Pilipinas, Inc.

## Talasanggunian


Aguilar, F. (1998). *Clash of spirits: The history of power and sugar planter hegemony on a Visayan island.* Quezon City: Ateneo de Manila University.

Aguilar, F. (2008). Local history during the Spanish period: Questioning our categories. Nasa Ma. L. T. Camagay (pat.). *Encuentro: Philippine Spanish friendship day*. Quezon City: Spanish Program for Cultural Cooperation. 171-191.

Asis, P. Jr. (1981). *Short history of Zambales.* Philippines: n.p.

Bamero, A. (1991). *Zambales before the revolution.* Tesis Masterado: Unibersidad ng Pilipinas.

Bauzon, L. (1978). Local history: Rationale, problems and prospects. *Philippine Quarterly of Culture and Society*, *6*(3), 157-165.

Beckett, J. (2007). *Writing local history*. Manchester: Manchester University Press.

Bureau of Insular Affairs, War Department. (1905). *Fifth annual report of the Philippine Commission for the year 1904*. Washington: Government Printing Office.

Cabatit, R. A. (1985). *The making of Olongapo (1885-1985).* Manila: Soller Press and Publishing House, Inc.

Calairo, E. F. (2011). Historiograpiyang lokal: Pagtalakay sa metodolohiya ng pagsulat at pagsasaliksik sa kasaysayang pambayan at panlalawigan. *Oral and Local History Writing: Seminar Workshop Proceedings (2007-2008)*. Manila: National Historical Commission of the Philippines. 1-10.

Cañamaque, F. (1880). Monografia de Zambales. Nasa *Las islas Filipinas: De todo un poco. Segunda edicion.* Madrid: Libreria de Fernando. 121-174.

Cortes, R. M. (1974). *Pangasinan 1572-1800*. Quezon City: New Day Publishing.

Cruz, R. (1984). Sources of local history. *Asian Studies. 5*(22-24). 1-9.

Cruikshank, R. (1975). *A history of Samar Island, the Philippines, 1768-1898.* Ann Arbor Michigan.

Dacudao, P. I. (2023). *Abaca frontier: The socio-economic and cultural transformation of Davao, 1898-1941.* Ateneo de Manila University Press.

De Jesus, R. (1990). *Zambales.* Manila: Union Zambaleña.

de Zuñiga, J. M. (1973). *Status of the Philippines in 1800* (V. del Carmen, tagapagsalin.). Manila: The Filipiniana Book Guild. (Orihinal na inilimbag noong 1893)

del Fierro, V. N. (16 October 1918). The Aetas of Zambales. Nasa *H. Otley Beyer ethnographic collection.* National Library of the Philippines. https://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0020003085/bs/home.htm.

Diaz, C. (1973). Conflicts between civil and ecclesiastical authorities, 1635-36. Nasa Emma He. Blair & J. A. Robertson. (Mga pat.). *The Philippine Islands: 1493-1898.* Tomo 25, Mandaluyong: Cacho Hermanos. 151-163.

Elumbre, A.L. (2012). Kasaysayang pampook at kasaysayang pambansa sa historiograpiyang Pilipino. Nasa A. Atoy, M. F. Orillos-Juan, J. Reguindin, & A. Elumbre (Mga pat.), *Kasaysayang pampook: Pananaw, pananaliksik, pagtuturo*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan. 408-434.

Florendo, M. N. B. (2015). Challenges in the writing of Cordillera local histories. *Journal of Local History and Heritage. 1*(1). 37-56.

Foronda, M. Jr. (1991). *Kasaysayan: Studies on local and oral history*. Manila: De La Salle University Press.

Fox, Robert B. (1952). “The Pinatubo Negritos: Their useful plants and material culture.” *The Philippine Journal of Science. 81*(3-4). 173-414.

Guido, Jose P. (1916). The Negritos near Botolan, Zambales. *Negrito-Aeta Paper No. 11.* Manila. Nasa H. Otley Beyer Ethnographic Collection. National Library of the Philippines. https://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0020001011/bs/datejpg.htm

Haddon, A.C. (April 19, 1906). An ethnological survey of the Philippines. *Nature*. 584-586.

Imperial, G. A. (February 1924). The Negritos of Zambales province. *Negrito-Aeta Paper No. 101.* Manila. Nasa H. Otley Beyer Ethnographic Collection. National Library of the Philippines. https://nlpdl.nlp.gov.ph/OB01/NLPOBMN0020005101/bs/datejpg.htm

Kipping, M., R. Wadhwani D., and Bucheli, M. (2013). Analyzing and interpreting historical sources: A basic methodology. Nasa Bucheli, Marcelo & R. Daniel Wadhwani (Mga pat.). *Organizations in time: History, theory, methods.* Oxford University Press. 305-329.

Lorenzo-Abrera, M. B. G. (2001). Pagpapalaganap ng Kasaysayang Bayan. Nasa Emmanuel Calairo (Pat.). *Cavite in Focus: Essays on Local Historiography.* Dasmariñas: Cavite Studies Center, De La Salle University – Dasmariñas ; Cavite Historical Society, Inc.; at National Historical Institute. 113-121.

Larkin, J. A. (1972). *The Pampangans: Colonial Society in a Philippine Province.* Berkeley: University of California Press.

McCoy, A. W. at de Jesus, C. Eds. (1982). *Philippine social history.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Muñoz, A. (2015). Ang Pakikibaka ng mga Ayta noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig: Isang panimulang kasaysayan. *Hasaan: Opisyal na Journal sa Filipino*. *2*(1). 71-92.

Navarro, A. M. (2000). *Ang bagong kasaysayan sa wikang Filipino: Kalikasan, kaparaanan, pagsasakasaysayan.* Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Navarro, A. M. (2012). Mga akdang Likasyan sa konteksto ng pagsusulat ng makabago at napapanahong kasaysayang pampook sa Pilipinas. Nasa A. Navarro, M. F. Orillos-Juan, J. Reguindin, & A. Elumbre (Mga pat.), *Kasaysayang pampook: Pananaw, pananaliksik, pagtuturo*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan. 32-45.

Navarro, A., Rodriguez, M.J. at Villan, V. (Pat.) (2000). *Pantayong pananaw: Ugat at kabuluhan pambungad sa pag-aaral ng bagong kasaysayan.* Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi.

Ocampo, N. (1985). *Katutubo, Muslim, Kristiyano: Palawan 1621-1901.* Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan.

Orillos-Juan, M. F. Y. (2006). Gitnang Luzon sa harap ng pananalasa ng pesteng balang (1991-1995): Salimbayan ng kasaysayang panlipunan at kasaysayang lokal. *Malay*. *19*(2). 46-69.

Orillos-Juan, M. F. Y. (2012). “Isang Pangkalahatang Sarbey ng mga Sangguniang Primaryang Batis para sa Kasaysayang Pampook sa Pambansang Sinupan at Pambansang Aklatan ng Pilipinas.” Nasa A. Navarro, M. F. Orillos-Juan, J. Reguindin, & A. Elumbre (Mga pat.), *Kasaysayang pampook: Pananaw, pananaliksik, pagtuturo*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan. 46-72.

Pambansang Sinupan (1849-1893). *Ereccion de los pueblos (1849-1893)* (Tomo 3, Fol. 13-14b; 27-37b). Salansan ng mga Dokumento, Pambansang Sinupan, Manila.

Pante, M. D. (2019). *A capital at the margins: Quezon city and urbanization in the twentieh century Philippines.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Perez, D. O. P. (1973). Relation of the Zambals: Relation of the Zambal Indians of Playa Honda, their situation and customs. Nasa E. H. Blair at J. A. Robertson (Mga pat.), *The Philippine Islands, 1493-1898* (Tomo 47). Mandaluyong: Cacho Hermanos. 287-332. (Orihinal na inilimbag noong 1680)

Perks, R., & Alistair, T. (Mga pat.). (1998). *The oral history reader.* London and New York: Routledge.

Quirino, E. (1951). *Executive order 486. Providing for the collection and compilation of historical data regarding barrios, towns, cities, and provinces*. 07 Disyembre 1951. https://www.officialgazette.gov.ph/1951/12/07/executive-order-no-486-s-1951/.

Reed, W. A. (1904). *Negritos of Zambales*. Manila: Bureau of Public Printing.

Reguindin-Estella, J. S. (2024, Nobyembre 28-30). *Kasaysayang lokal sa pagtuturo ng kasaysayan: Pagsusuri sa historical data papers sa kaso ng Zambales* [Papel na presentasyon]. Pambansang Kumperensiya sa Kasaysayan at Kalinangang Pilipino, Cebu, Philippines.

Reguindin, J.S. (2022). *Bayan at kagubatan sa hamon ng kolonyalismo: Paglalangkap ng kasaysayang pangkapaligiran sa kasaysayang pampook ng Zambales (1901-1936)* [Disertasyong Doktoral]. UP Departamento ng Kasaysayan.

Rodriguez, M. J. B. (January-June 2010). Reading a colonial bureau: The politics of cultural investigation of the non-Christian Filipinos. *Social Science Diliman*. *6*(1). 1-27.

Romanillos, E.L.A. (July-December 2019). Masinloc, Zambales: Augustinian recollect mission (1607-1902). *Philippine Social Science Journal. 2*(2). 151-171.

Ruiz, L., O. A. R. (1925). *Sinopsis histórica de la provincia de San Nicolas de Tolentino de las Islas Filipinas de la Orden de Agustinos Descalzo* (Tomo 1). Manila: Tip. Pont. de la Universidad de Sto. Tomas.

Republic of the Philippines, Bureau of Public Schools. (1953). *Zambales*. Historical data papers. https://nlpdl.nlp.gov.ph/HD01/home.htm.

Salazar, Z. A. (1991). Ang paggamit ng wikang pambansa sa Departamento ng Kasaysayan. Nasa Salazar, Z. A. (Pat.), *Ang P/Filipino sa agham panlipunan at pilosopiya.* Manila: Kalikasan Press. 76-83.

Salazar, Z. A. (2000). Pantayong pananaw: Kasaysayang pampook, pambayan at pambansa. Nasa A. Navarro, M. J. Rodriguez, & V. Villan (Mga pat.), *Pantayong pananaw: Ugat at kabuluhan pambungad sa pag-aaral ng bagong kasaysayan.* Lunsod Quezon: Palimbagan ng Lahi. 35-53.

San Nicolas, A. de. (1621). Early Recollect Missions in the Philippines. Nasa E. H. Blair & J. A. Robertson. (Mga pat.), *The Philippine Islands: 1493-1898* (Tomo 21). Mandaluyong: Cacho Hermanos. 111-317.

Shimizu, H. (1989). *Pinatubo Aytas: Continuity and change.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Teodoro, N. V. (2001). Mga usapin at perspektiba sa pagsulat ng kasaysayang pambansa at pampook. Nasa E. F. Calairo (Pat.), *Cavite in focus: Essays on local historiography*. Dasmariñas: Cavite Historical Society, Inc. 103-112.

The Augustinian Recollects in the Philippines. (1973). Nasa E. H. Blair & J. A. Robertson (Mga pat.), *The Philippine islands: 1493-1898* (Tomo 28). Mandaluyong: Cacho Hermanos. 300-348.

Ubaldo, L. R. C. (2012). *Historia de Ilocos* (1890) ni Isabelo delos Reyes bilang maagang halimbawa ng kasaysayang pampook. Nasa A. Navarro, M. F. Orillos-Juan, J. Reguindin, & A. Elumbre (Mga pat.), *Kasaysayang pampook: Pananaw, pananaliksik, pagtuturo*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan. 9-31.

Ubaldo, L.R.C. (2012). Kasaysayang pasalita bilang pamamaraan sa kasaysayang pampook. Nasa Nasa A. Navarro, M. F. Orillos-Juan, J. Reguindin, & A. Elumbre (Mga pat.), *Kasaysayang pampook: Pananaw, pananaliksik, pagtuturo*. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan. 73-87.

Veneracion, J. (1986). *Kasaysayan ng Bulacan.* Kolonya, Alemanya: Bahay-Saliksikan ng Kasaysayan.

Veneracion, J. (1992). Kasaysayang pampook: Ilang paglilinaw. Nasa M. B. Abrera & Dedina Lapar (Mga pat.), *Paksa, paraan at pananaw sa kasaysayan.* Quezon City: UP Departamento ng Kasaysayan, Bahay-Saliksikan sa Kasaysayan, at UP Lipunang Pangkasaysayan. 124-131.